Filipino

# Maikling gabay para sa Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata

Bersyon 1.10 • Abril 2023

COMMISSION FOR CHILDREN
AND YOUNG PEOPLE

Komisyon para sa mga Bata at Kabataan

# Mga nilalaman

Ang konteksto ........ 3

Paano ang paggamit sa gabay na ito ........ 4

Pamantayan 1: Ang mga organisasyon ay magtatatag ng kapaligirang ligtas para sa kultura kung saan ang magkakaiba at bukud-tanging mga karanasan ng mga bata at kabataang Aborihinal ay iginagalang at pinahahalagahan ........ 6

Pamantayan 2: Ang kaligtasan at kagalingan ng bata ay nakapaloob sa pamunuan ng organisasyon, pangasiwaan at kultura ........ 12

Pamantayan 3: Ang mga bata at kabataan ay bibigyang-kapangyarihan tungkol sa kanilang mga karapatan, paglahok sa mga desisyong umaapekto sa kanila at sila ay tatratuhin nang seryoso ........ 15

Pamantayan 4: Magkaroon ng kaalaman ang mga pamilya at komunidad at sumali sa pagtataguyod ng kaligtasan at kagalingan ng bata ........ 19

Pamantayan 5: Kukumpirmahin ang pagkakapantay-pantay at igagalang sa patakaran at gawi ang magkakaibang mga pangangailangan ........ 22

Pamantayan 6: Ang mga taong nakikipagtulungan sa mga bata at kabataan ay angkop at sinusuportahan upang salaminin sa gawain ang mga pinahahalagahan sa kaligtasan at kagalingan ng bata ........ 26

Pamantayan 7: Nakatuon sa bata ang mga proseso para sa mga reklamo at alalahanin ........ 30

Pamantayan 8: Ang mga kawani at boluntir ay bibigyan ng kaalaman, kasanayan at kamalayan upang panatilihing ligtas ang mga bata at kabataan sa pamamagitan ng patuloy na edukasyon at pagsasanay ........ 34

Pamantayan 9: Ang mga kapaligarang pisikal at online ay nagtataguyod ng kaligtasan at kagalingan habang binabawasan ang oportunidad para mapinsala ang mga bata at kabataan ........ 37

Pamantayan 10: Ang pagpapatupad ng Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata ay regular na rerebyuhin at pabubutihin ........ 41

Pamantayan 11: Idodokumento ng mga patakaran at pamamaraan kung paanong ang organisasyon ay ligtas para sa mga bata at kabataan ........ 44

# Ang konteksto

Lahat ng mga bata ay may karapatan na madamang sila ay ligtas at maging ligtas, ngunit ang kaligtasan ay hindi basta-basta lamang nangyayari.

Sa kalilipas lang na mga taon, nakinabang kami sa pagkatuto mula sa maraming survivor (mga nakaligtas) at maraming mga pagsisiyasat, kabilang ang *Betrayal of Trust* inquiry[1] at ang Royal Commission into Institutional Responses to Child Sexual Abuse[2] (ang Royal Commission) ng Parlyamento ng Victoria. Ang mga ito ay nagpakita ng nakakapanlumong laki ng pinsalang nagawa sa mga bata kapag ang mga organisasyon ay walang tamang kultura, mga sistema, proseso at pag-unawa upang mahadlangan ang pang-aabuso.

Ang isang organisasyon para sa kaligtasan ng bata ay nagsasagawa ng sinadyang mga hakbang upang protektahan ang mga bata laban sa pang-aabusong pisikal, sekswal, emosyonal at sikolohikal at pagpapabaya. Inuuna nito ang kaligtasan at kagalingan ng mga bata at ipapaloob ang pagtuon sa kaligtasan ng bata sa bawat aspeto ng organisasyon.

Ang ipinag-uutos na Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (ang mga Pamantayan) ng Victoria ay umiiral na simula pa noong 2016.

Kasunod ng Royal Commission, nirebyu ng Pamahalaang Victoria ang Mga Pamantayan.[3] Natagpuan ng rebyu ang matibay na suporta para sa Mga Pamantayan at nagrekomenda ng ilang mga pagbabago upang mas maihanay ang Mga Pamantayan sa Pambansang mga Prinsipyo para sa mga Organisasyon para sa Kaligtasan ng Bata, at upang patatagin ang pangangasiwa ng Mga Pamantayan.

Alinsunod sa mga rekomendasyong ito, inilabas ng Pamahalaang Victoria ang na-update na Mga Pamantayan noong 2021. Binubuo ang mga ito ng 11 na-update na Mga Pamantayan na inilapat simula noong ika-1 ng Hulyo 2022.

Sa pagpapatupad ng Mga Pamantayan, may pagkakataon ang mga organisasyon na pag-isipan ang kanilang mga pagsisikap hanggang sa ngayon at patuloy na palakihin ang kanilang kakayahang panatilihing ligtas ang mga bata laban sa pinsala at pang-aabuso.

---

[1] Komite ng Kaunlarang Pampamilya at Pangkomunidad, Parlyamento ng Victoria, Pagkakanulo sa Tiwala: pagsisiyasat sa paghawak ng pang-aabuso sa bata ng mga relihiyoso at iba pang hindi pampamahalaang organisasyon (Betrayal of Trust: inquiry into the handling of child abuse by religious and other non-government organisations), Victoria 2013, 2: p 262.

[2] Komonwelt ng Australya, Royal Commission sa Mga Pagtugon ng mga Institusyon sa Pang-aabusong Sekswal sa Bata (Royal Commission into Institutional Responses to Child Sexual Abuse), 2017.

[3] Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Rebyu ng Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata ng Victoria (Review of the Victorian Child Safe Standards), 2019.

# Paano ang paggamit sa gabay na ito

Maikling inilalarawan ng gabay na ito ang bawat Pamantayan, tinutukoy ang inaasahang mga kalalabasan, mga minimum na kahingian at mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators) na tutulong sa mga organisasyon upang sumunod sa bawat Pamantayan. Ang mas detalyadong patnubay kung paano makakasunod sa Mga Pamantayan ang mga organisasyon ay kabilang sa Gabay sa paglikha ng isang Organisasyon para sa Kaligtasan ng Bata ng Komisyon para sa mga Bata at Kabataan.

Bawat Pamantayan ay ipinababatid bilang pahayag ng isang inaasahang **kalalabasan** na dapat makamit ng mga organisasyon. Halimbawa, hinihingi ng Pamantayan 3 na 'mabigyang-kapangyarihan ang mga bata at kabataan tungkol sa kanilang mga karapatan, lumahok sa mga desisyong umaapekto sa kanila at tratuhin sila nang seryoso'.

Kabilang sa bawat Pamantayan ang **mga minimum na kahingian** na dapat matugunan ng mga organisasyon. Ang bagong Mga Pamantayan ay nagbibigay ng mas malaking patnubay upang tulungan ang mga organisasyon na matugunan ang nilalayong kalalabasan, habang pinapahintulutan pa rin ang pagiging flexible.

Para sa bawat Pamantayan, ang Komisyon para sa mga Bata at Kabataan (ang Komisyon) ay nagbigay ng listahan hg mga dokumento at aksyon na magpapakita na natutugunan ng inyong organisasyon ang mga minimum na kahingiang ito. Tinatawag namin itong **mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)**. Ang mga compliance indicator ay binuo bilang tugon sa mga komento na ang mga organisasyon ay humihingi ng karagdagang payo kung ano ang hinahanap ng mga regulator (tagapangasiwa) kapag nagtatasa ng pagsunod. Ang mga compliance indicator ay karaniwang tumutugma sa isa o higit pang mga minimum na kahingian, na nakalagay sa loob ng mga saklong kasunod ng indicator.

Ang mga organisasyon ay karaniwang sumusunod sa Mga Pamantayan kung maglalabas sila ng mga dokumentong nakalista at magkukumpleto ng mga aksyong nakasaad sa **mga compliance indicator** sa bawat tsapter. Gayunpaman, kailangang tiyakin ng inyong organisasyon na makakamit ng isinagawang pamamaraan ang **kalalabasan** at ang **mga minimum na kahingian**, na nakasaad sa bawat Pamantayan.

Ang gabay na ito ay pangkalahatan dahil ang Mga Pamantayan ay nakalapat sa malawak at iba't ibang hanay ng mga organisasyon. Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa **mga kalalabasan** at sa **mga minimum na kahingian** ng Mga Pamantayan.

May anim na magkakatuwang na regulator para sa Mga Pamantayan sa Victoria kabilang ang Komisyon, at maaari ninyong hanapin ang inyong regulator sa website ng Komisyon. Ang ilang mga organisasyon na naghahatid ng ibat'ibang uri ng serbisyo para sa mga bata ay maaaring magkaroon ng mahigit sa isang regulator. Ang ilang regulator ay nag-isyu ng partikular na patnubay para sa mga sektor at organisasyon na kanilang pinapangasiwaan. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator ay nalalapat sa inyong sektor, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano ipapatupad ang Mga Pamantayan at gawing prayoridad ang kaligtasan ng mga bata, basahin ang Gabay sa paglikha ng isang Organisasyon para sa Kaligtasan ng Bata.

**Mga termino:** Ang terminong Aborihinal sa gabay na ito ay sumasaklaw sa mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander. Ginagamit namin ang terminong bata o mga bata upang isali ang mga bata at kabataan na wala pang 18 taong gulang. Sa gabay na ito, ang isang organisasyon ay anumang negosyo o grupo na nakikipagtulungan o nagbo-boluntir sa mga bata.

# Pamantayan 1: Ang mga organisasyon ay magtatatag ng kapaligirang ligtas para sa kultura kung saan ang magkakaiba at bukud-tanging mga karanasan ng mga bata at kabataang Aborihinal ay iginagalang at pinahahalagahan

**Sa pagsunod sa Pamantayan 1 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

1.1 Hihikayatin at aktibong susuportahan ang kakayahan ng bata na magpahayag ng kanyang kultura at kasiyahan ang kanyang mga karapatang pangkultura.

1.2 Ipapaloob ang mga istratehiya sa loob ng organisasyon na tutulong sa lahat ng mga miyembro na kilalanin at pahalagahan ang mga kalakasan ng kulturang Aborihinal at maunawaan ang kahalagahan nito sa kagalingan at kaligtasan ng mga bata at kabataang Aborihinal.

1.3 Magpapairal ang organisasyon ng mga hakbang upang tiyakin ang pagtukoy, pagharap at hindi pahintulutan na magkaroon ng rasismo sa loob ng organisasyon. Haharapin ang anumang nangyaring rasismo nang may angkop na kahihinatnan.

1.4 Aktibong susuportahan at padadaliin ng organisasyon ang paglahok at inklusyon sa loob nito ng Aborihinal na mga bata, kabataan at ng kanilang mga pamilya.

1.5 Lahat ng mga patakaran, pamamaraan, sistema at proseso ng organisasyon ay magkakasamang lilikha ng isang kapaligirang ligtas para sa kultura at inklusibo at tutugon sa mga pangangailangan ng Aborihinal na mga bata, kabataan at ng kanilang mga pamilya.

## Pangunahing mga Punto

- Dapat ninyong tiyakin na nadarama ng lahat ng mga bata na sila ay ligtas, kapag lumalahok sa inyong organisasyon. Kabilang dito ang mga batang Aborihinal.[4]
- Ang pangkulturang kaligtasan para sa mga batang Aborihinal ay nailarawan bilang 'isang bata na binibigyan ng isang kapaligirang ligtas, nangangalaga at positibo kung saan sila ay komportableng magpakita ng tunay nilang sarili, nagpapahayag ng kanilang kultura... ng kanilang mga sistemang espiritwal at paniniwala, at sinusuportahan sila ng tagapag-alaga... (na) iginagalang ang pagiging Aborihinal nila at hinihikayat ang pagtanggap nila ng kanilang sarili at identidad'.[5]
- Kabilang sa pagkamit ng pangkulturang kaligtasan ang pag-unawa kung ano ang palagay at karanasan sa organisasyon ng mga taong Aborihinal at lalo na ng mga batang Aborihinal.

---

[4] Ang terminong 'Aborihinal' sa gabay na ito ay sumasaklaw sa mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander.

[5] SNAICC, Cultural safety (Pangkulturang kaligtasan), 2021.

- Ang mga taong Aborihinal ay may kanya-kanyang pansariling kasaysayan at mga karanasan, at mahalagang kilalanin ang bukud-tanging posisyon ng mga taong Aborihinal bilang mga taong First Nations.
- Ang pagtukoy sa sarili bilang isang Aborihinal ay bahagi ng identidad ng isang bata. Katulad ng lahat, ang mga taong Aborihinal ay may iba't ibang karanasan sa buhay at mga katangian. Dapat maglaan ang mga organisasyon ng mga kapaligirang masuporta para sa mga batang Aborihinal na kinikilala na bawat tao ay natatangi, na may sarili niyang mga katangian, kalakasan at paghamon.
- Magkaugnay ang kultura at identidad, at sa pagsuporta sa mga batang Aborihinal na maging matatag sa kanilang identidad, tumutulong din kayo na kasiyahan nila ang kanilang mga karapatang pangkultura.
- Ang makayanang magpahayag ng kanilang pangkulturang identidad ay nagagawang mas matatag at mas ligtas ang mga batang Aborihinal.[6] Mahalaga ito sa maraming dahilan. Sa konteksto ng paghadlang sa pang-aabuso sa bata, mahalaga ito dahil kung ang mga batang Aborihinal ay hindi nakadarama na sila ay ligtas na magpakita ng tunay nilang sarili at magpahayag ng kanilang kultura, lumalaki ang panganib na sila ay aabusuhin ng ibang tao at maaaring mas hindi sila maging handa na isumbong ang pang-aabuso.[7]
- Ang mga karapatang pangkultura ay mga karapatan ng bawat bata, bilang isang indibidwal man o bilang bahagi ng isang grupo ng mga tao, upang paunlarin at ipahayag ang kanilang pinagmulan, mga kaugalian, panlipunang pag-aasal, wika, relihiyon o pagiging espiritwal, mga paniniwala at paraan ng pamumuhay.
- Ang mga taong Aborihinal ay may malinaw na mga karapatang pangkultura upang kasiyahan ang kanilang identidad at kultura; panatilihin ang paggamit ng kanilang wika, panatilihin ang mga ugnayan sa pamilya; at panatilihin ang kanilang ugnayan sa lupain, katubigan at iba pang mga likas na kayamanan na mayroon silang ugnayan sa ilalim ng tradisyonal na mga batas at kaugalian.[8]
- Responsibilidad ninyo na gawing inklusibo ang inyong organisasyon, at nangangailangan ito ng edukasyon, pagmumuni-muni at positibong aksyon.
- Ang pagkatuto tungkol sa mga kultura ng Aborihinal ay dapat maging bahagi ng patuloy na paglalakbay. Magiging mahalaga na bumuo ng kamalayan at pag-unawa sa mga lider, kawani at boluntir, mga bata at iba pang miyembro ng komunidad ng organisasyon. Pag-isipan ang iba't ibang suporta na maaaring kailanganin nila batay sa kanilang tungkulin at mga responsibilidad sa organisasyon.

---

[6] State of Victoria, Department of Families, Fairness and Housing, Wungurilwil Gapgapduir Aboriginal Children and Families Agreement, 2018, p 35.

[7] P Anderson et al., *Aboriginal and Torres Strait Islander children and child sexual abuse in institutional settings*, Report for the Royal Commission into Institutional Responses to Child Sexual Abuse, [pdf 1MB], 2017, pp 30–33.

[8] Kinuha mula sa Charter of Human Rights and Responsibilities Act 2006 (Vic).

- Ang pagdama ng pamilya ng isang bata na sila ay tinatanggap at isinasali sa isang organisasyon ay umaambag sa kanilang kaligtasan.[9] Ang pamilya ang pundasyon ng kultura, espiritwalidad at identidad ng Aborihinal. Ang pamilya ay madalas na may mas malawak na pakahulugan sa loob ng mga kulturang Aborihinal kaysa sa ibang kultura.[10]
- Ang rasismo ay nakapipinsala sa mga bata at umaapekto sa kanilang kagalingan at kaligtasan. Ito ay maaaring isang uri ng pang-aabuso sa bata. Kung ang mga bata at ang kanilang pamilya ay dumanas ng rasismo habang nakikipag-interaksyon sa inyong organisasyon, sila ay maaari ring mawalan ng kumpiyansa na maghain ng iba pang mga alalahanin o reklamo. Ang pagtrato nang seryoso sa mga reklamo tungkol sa rasismo at pagtugon nang lubusan sa mga ito ay nagpapakita na hindi papahintulutan ang rasismo sa inyong organisasyon.
- Mahalaga ang mga malalawak na pahayag ng suporta o pagkilala ng kulturang Aborihinal, ngunit kung nag-iisa lamang ang mga ito ay hindi ito magbibigay ng kaligtasan para sa mga bata. Ang pamamaraang ginagamit ng inyong organisasyon upang lumikha ng pangkulturang kaligtasan ay kailangang isama sa buong organisasyon. Ibig sabihin, lahat ng mga patakaran, pamamaraan, mga sistema at proseso ng organisasyon ay isasaalang-alang at tutugunan ang mga pangangailangan ng mga batang Aborihinal at ng kanilang mga pamilya.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

### Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?

Ang Pamantayang ito ay nagpapatong ng mga bagong obligasyon sa mga organisasyon upang tiyakin ang pangkulturang kaligtasan para sa mga batang Aborihinal.

Ang pagtatatag ng isang kapaligirang ligtas para sa kultura ay gugugol ng panahon, dedikasyon ay makahulugang pakikipag-ugnayan. Kailangan ng mga organisasyon ng matagalang pagtuon at magsagawa ng makabuluhang aksyon bawat taon upang patuloy na isulong ang kanilang pagsunod sa Pamantayan 1 na ito.

Nauunawaan ng Komisyon na ang mga organisasyon ay nasa iba't ibang yugto sa pagkamit ng pagsunod sa bagong Pamantayang ito. Ang **mga batayang hakbang** ay ibinibigay upang tulungan ang mga organisasyon na hindi pa nakakagawa ng malaking pagsisikap upang magtatag ng isang kapaligirang ligtas para sa kultura para sa mga batang Aborihinal. Ang **mga batayang hakbang** na ito ay tutulong sa mga organisasyon na tukuyin ang gawaing kailangan nilang gawin upang sumunod sa Pamantayan at bumuo ng isang plano ng aksyon.

Kung sa palagay ng inyong organisasyon na sumulong na ito sa pagtatatag ng isang kapaligirang ligtas sa kultura para sa mga batang Aborihinal, kung gayon, ang pagtuon sa **mga batayang hakbang** ay maaaring hindi na kailangan. Ang **mga karagdagang hakbang** ay ibinigay upang dagdagan ng inyong organisasyon ang trabahong nagawa na upang ipagpatuloy ang paglalakbay tungo sa pagiging isang organisasyon na ligtas sa kultura.

---

[9] State of Victoria, Department of Health and Human Services, Balit Murrup: Aboriginal social emotional wellbeing framework 2017–2027, 2017.

[10] SNAICC, Connection to family (Ugnayan sa pamilya).

Una munang titingnan ng Komisyon ang pagsunod sa **mga batayang hakbang**. Binabalangkas ng **mga batayang hakbang** ang kinakailangang mga pagbabago sa mga patakaran at pampublikong pangako, ngunit kinikilala na matatagalan ang pagbabagong iyon sa mga organisasyon. Dapat ibalangkas ng plano ng aksyon ang daraanan ng organisasyon tungo sa pagkamit ng lubusang pagsunod sa Pamantayan. Ang **mga karagdagang hakbang** ay tutulong sa mga organisasyon na maunawaan kung ano ang magiging anyo ng lubusang pagsunod sa Pamantayang ito.[11]

## Mga batayang hakbang

### Mga Dokumento

- Ang pampublikong pangako sa pangkulturang kaligtasan ng mga batang Aborihinal ay makukuha at naka-displey para makita ng publiko. (1.1, 1.4, 1.5 at naka-link sa 5.4)
- Ang mga patakaran at pamamaraan kaugnay sa kaligtasan at kagalingan ng bata, kabilang ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata, ay naglalarawan ng pangako ng organisasyon sa paggalang at pagpapahalaga sa mga batang Aborihinal. Kabilang dito na:
  - dapat hikayatin at suportahan ng mga kawani at boluntir ang mga bata upang magpahayag ng kanilang kultura at kasiyahan ang kanilang mga karapatang pangkultura
  - dapat aktibong suportahan at padaliin ng mga kawani at boluntir ang paglahok at pagsali sa organisasyon ng mga batang Aborihinal at ng kanilang mga pamilya
  - hindi papahintulutan ang pagkakaroon ng rasismo sa loob ng organisasyon at kung paano tutugon ang organisasyon, kabilang ang potensyal na mga kahihinatnan
  - ang pamunuan ng organisasyon ay may responsibilidad na tulungan ang lahat ng kasangkot sa organisasyon[12] upang kilalanin at pahalagahan ang mga kalakasan ng kulturang Aborihinal at unawain ang kahalagahan nito sa kagalingan at kaligtasan ng mga batang Aborihinal. (1.1, 1.2, 1.3, 1.4, 1.5)
- Ang Koda ng Pag-aasal at mga paglalarawan ng posisyon ay nagbabalangkas ng inaasahang pag-aasal ng mga kawani at boluntir, kabilang ang:
  - zero tolerance (walang papahintulutan) ng rasismo at mga inaasahan na ang mga kawani at boluntir ay kikilos laban sa mga insidente ng rasismo

---

[11] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

[12] Tingnan ang kahulugan ng kung sino ang bumubuo sa komunidad ng organisasyon sa A guide for creating a Child Safe Organisation.

- na ang mga bata ay susuportahan upang magpahayag ng kanilang kultura at kasiyahan ang kanilang mga karapatang pangkultura. (1.1, 1.3)

- Isang plano ng aksyon na nagsasaad ng mga hakbang na isasagawa ng organisasyon bago mag-ika-1 ng Hulyo 2023 upang magtatag ng isang kapaligiran para sa ligtas na kultura kung saan ang magkakaiba at bukud-tanging mga identidad at karanasan ng mga batang Aborihinal ay iginagalang at pinahahalagahan. (1.1, 1.2, 1.3, 1.4, 1.5)

## Mga batayang hakbang

### Mga Aksyon

- Ang mga insidente ng rasismo ay laging tutukuyin at tatalakayin. (1.3)
- Tutukuyin ng organisasyon ang mga hakbang na naisagawa na upang:
  - suportahan, gabayan o sanayin ang mga kawani at boluntir at lider upang maunawaan, igalang at pahalagahan ang kulturang Aborihinal at upang maunawaan ang kahalagahan nito sa kagalingan at kaligtasan ng mga batang Aborihinal (1.2 at naka-link sa 8.4)
  - aktibong suportahan at padaliin ang paglahok at pagsali ng mga batang Aborihinal at ng kanilang mga pamilya (1.4)
  - kilalanin at ipagdiwang ang mga taong Aborihinal, ang kanilang mga nakamit, komunidad at kultura (1.2)
  - tiyaking tutukuyin ang rasismo sa loob ng organisasyon at angkop itong haharapin (1.3)
  - lilikha ng isang kapaligirang ligtas sa kultura para sa mga batang Aborihinal sa loob ng organisasyon. (1.5 at naka-link sa 5.4)
- Tutukuyin ang mga aksyon na kailangang isagawa ng organisasyon upang lubos na ipatupad ang Pamantayan 1, isaalang-alang ang mga hakbang na naisagawa na at tukuyin ang anumang mga agwat. Dapat tukuyin ng plano ng aksyon ang tao o pangkat na responsable sa pagsasagawa ng aksyon, ang makukuhang mga mapagkukunan at ang iskedyul. (1.1, 1.2, 1.3, 1.4, 1.5)

## Mga karagdagang hakbang

### Mga Dokumento

- Ang mga patakaran at pamamaraan, kabilang ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata, ay naglalarawan ng mga inaasahan ng organisasyon at nagbibigay ng detalyadong patnubay tungkol sa mga aksyon na dapat isagawa ng mga kawani, boluntir at lider upang magtatag ng isang kapaligirang ligtas para sa kultura kung saan ang magkakaiba at bukud-tanging mga identidad at karanasan ng mga batang Aborihinal ay iginagalang at pinahahalagahan. (1.5)

### Mga Aksyon

- Lilikha ang organisasyon ng isang pisikal at nasa online na kapaligirang inklusibo at mapagtanggap para sa mga batang Aborihinal at sa kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagkilala at paggalang sa mga taong Aborihinal, komunidad at kultura. (1.2)
- Lahat ng mga bata ay tatanggap ng imppormasyon mula sa organisasyon tungkol sa mga karapatang pangkultura at ang organisasyon ay magsasagawa ng aktibong mga hakbang upang hikayatin ang mga batang Aborihinal na magpahayag ng kanilang kultura. Kapag nagpapahayag ng kanilang kultura ang mga bata, susuportahan sila ng mga kawani at boluntir ng organisasyon. (1.1, 1.4 at naka-link sa 3.1)
- Magsasagawa ng mga hakbang ang organisasyon upang bigyang-kapangyarihan ang mga batang nasa organisasyon at bigyan sila ng mga oportunidad upang makalahok sa isang paraang ligtas para sa kultura para sa mga batang Aborihinal. (1.4 at naka-link sa 3.6)
- Magbibigay ang organisasyon ng mga oportunidad na ligtas para sa kultura para sa mga pamilyang Aborihinal upang makalahok sa organisasyon. (1.4)
- Magbibigay ang organisasyon sa mga miyembro ng komunidad ng organisasyon ng:
  - impormasyon tungkol sa mga karapatang pangkultura, kalakasan ng mga kulturang Aborihinal at kahalagahan ng kultura sa kagalingan at kaligtasan ng mga batang Aborihinal
  - impormasyon tungkol sa ugnayan ng kaligtasang pangkultura at ng paghadlang ng pang-aabuso sa bata at pinsala para sa mga batang Aborihinal
  - mga oportunidad upang matuto at magpahayag ng pagpapahalaga sa kulturang Aborihinal at mga kasaysayan. (1.1, 1.2)
- Bubuo, magpapatupad at magpapaloob sa organisasyon ng mga istratehiyang hihimok sa komunidad ng organisasyon upang kilalanin at pahalagahan ang mga kalakasan ng mga kulturang Aborihinal. (1.2)
- Magpapatupad ng mga istratehiya upang mahadlangan ang rasismo at ang mga insidente ng rasismo ay hindi papahintulutan. (1.3)

# Pamantayan 2: Ang kaligtasan at kagalingan ng bata ay nakapaloob sa pamunuan ng organisasyon, pangasiwaan at kultura

**Sa pagsunod sa Pamantayan 2 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

2.1 Gagawa ang organisasyon ng pampublikong pangako sa kaligtasan ng bata.

2.2 Ang kultura para sa kaligtasan ng bata ay ipagtatanggol at gagawing huwaran sa lahat ng antas ng organisasyon mula sa itaas pababa at mula sa ibaba pataas.

2.3 Padadaliin ng mga kaayusan sa pangasiwaan ang pagpapatupad ng Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata sa lahat ng antas.

2.4 Ang Koda ng Pag-aasal ay nagbibigay ng mga patnubay para sa mga kawani at boluntir tungkol sa inaasahang mga pamantayan ng pag-aasal at mga responsibilidad.

2.5 Ang mga istratehiya sa pamamahala ng panganib ay nakatuon sa paghadlang, pagtukoy at pagbawas ng mga panganib sa mga bata at kabataan.

2.6 Nauunawaan ng mga kawani at boluntir ang kanilang mga obligasyon tungkol sa pagbabahagi ng impormasyon at pag-iimbak ng tala.

## Pangunahing mga Punto

- Ang inyong organisasyon ay dapat gumawa ng pampublikong pangako sa kaligtasan ng bata. Ito ay nagbibigay-senyal sa buong komunidad na inuuna ng inyong organisasyon ang kaligtasan ng mga bata at hindi papahintulutan ang pang-aabuso o pinsala sa bata.
- Ang kulturang ligtas para sa bata ay nangangahulugan na ang isang organisasyon ay may pinagsaluhang mga saloobin, pinahahalagahan, patakaran at gawi na inuuna ang kaligtasan at kagalingan ng mga bata.
- Ang pagkakaroon ng kulturang ligtas para sa bata ay kakailanganing ang inyong organisasyon ay maglagay ng kaligtasan ng bata sa pang-araw-araw na iniisip at mga aksyon ng mga lider, kawani, boluntir, miyembro at bata na nasa organisasyon.
- Inaasahan ng komunidad ng inyong organisasyon na ang mga lider ang magpapakita ng mga pinahahalagahan ng organisasyon. Nangangahulugan ito na ang pag-aasal ng mga lider ang susi sa isang kulturang ligtas para sa bata. Dapat ipagtanggol ng mga lider ang mga gawi sa kaligtasan ng bata at mamuno sa pamamagitan ng halimbawa, maghuwaran ng pag-aasal na inaasahan sa mga kawani at boluntir at hindi magpapahintulot ng mga pag-aasal na makakapinsala sa mga bata.
- Ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ay nagbabalangkas kung paano inuuna ng inyong organisasyon ang kaligtasan at kagalingan ng mga bata at ang mga hakbang na isasagawa upang gawin ito. Nagtatakda ito ng mga inaasahan ng organisasyon tungkol sa mga gawi para sa kaligtasan ng bata para sa

mga kawani, boluntir at sa komunidad ng organisasyon. Basahin ang higit pa tungkol dito sa Creating a Child Safety and Wellbeing Policy (Paglikha ng Patakaran para sa Kaligtasan at Kagalingan ng Bata).

- Tinutukoy ng Pangasiwaan ang pamunuan ng organisasyon, ang pamamahala at mga pampananagutang proseso. Kabilang sa Pangasiwaan ang mga tuntunin ng organisasyon kung sino ang may awtoridad upang gumawa ng mga desisyon, paano dapat gawin at subaybayan ang mga desisyon, at paano mananagot ang mga tao.[13]
- Bagama't nagkakaiba-iba ang mga kaayusan ng pangasiwaan sa mga organisasyon, dapat nilang suportahan, mula sa itaas pababa at mula sa ibaba pataas, ang pagpapatupad ng Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ng inyong organisasyon upang suportahan ang pagbuo ng isang kulturang para sa kaligtasan ng bata. Ibig sabihin, magtatakda ang mga lider ng malinaw na direksyon para sa organisasyon tungkol sa kaligtasan at kagalingan ng bata, na ibinatay sa mga komento mula sa komunidad ng organisasyon. Ang mga kaayusan sa pangasiwaan ng organisasyon ay dapat ding padaliin ang kalinawan at panagutin ang mga lider para makamit ang itinakdang direksyon.
- Ang Koda ng Pag-aasal ay dapat maglista ng mga katanggap-tanggap at hindi katanggap-tanggap na pag-aasal sa mga bata. Sinasabi nito ang mga propesyonal na hangganan, ma-etikang pag-aasal, inaasahang mga pamantayan ng pag-aasal at mga relasyong katanggap-tanggap at hindi katanggap-tanggap. Basahin ang higit pa tungkol dito sa Developing a Code of Conduct (Pagbuo ng Koda ng Pag-aasal).
- Ang mga kaayusan ng pangasiwaan sa organisasyon ay dapat sumuporta sa mga nakatataas na lider upang masubaybayan kung ang pagtasa at pamamahala ng panganib sa organisasyon ay angkop na nakatuon sa pagtukoy, paghadlang at pagbawas ng mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata. Ang Pamantayan 9 sa A guide for creating a Child Safe Organisation ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagtukoy at pamamahala ng panganib.
- Ang pagbabahagi ng kaugnay na impormasyon ay mahalaga sa pamamahala ng kaligtasan ng bata. Ang kultura, mga sistema at proseso ng inyong organisasyon ay dapat sumuporta sa epektibong pagbabahagi ng impormasyon sa lahat ng antas tungkol sa mga panganib sa mga bata. Ang mga kawani at boluntir ay kailangang maging malinaw tungkol sa kanilang mga obligasyon.
- Naka-sentro sa kalinawan at pananagutan ang mahusay na sistema ng pag-iimbak ng tala, at sa kabuuang integridad ng inyong organisasyon. Mahalagang lumikha, magtabi at mag-imbak ng tamang mga tala upang makatugon nang epektibo sa isang reklamo ng pang-aabuso o pinsala sa bata.
- Ang pagiging kumpidensyal at pribasya ng mga taong kasangkot ay dapat laging isaalang-alang kapag nagbabahagi ng impormasyon at ligtas na pag-iimbak ng mga tala.

[13] Kinuha mula sa Governance Institute of Australia, What is governance (Ano ang pangangasiwa)?

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

### Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[14]

### Mga Dokumento

- Ang pampublikong pangako sa kaligtasan ng bata ay makukuha at naka-displey para makita ng publiko. (2.1)
- Ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ay nagsasaad ng mga inaasahan ng organisasyon at mga gawi kaugnay sa bawat isa sa Mga Pamantayan. (2.3)
- Ang Koda ng Pag-aasal ay nagsasaad ng mga inaasahan tungkol sa pag-aasal ng mga kawani at boluntir sa mga bata at sa pagtataguyod at pagpapanatili ng kaligtasan at kagalingan ng bata. (2.4)

### Mga Aksyon

- Ipagtatanggol at gagawing huwaran ang kulturang ligtas para sa bata ng mga lider, kawani, boluntir, miyembro at bata na nasa organisasyon. Magpapahayag sila ng suporta sa pagpapanatiling ligtas ng mga bata, gagawa ng aksyon kapag mayroon silang mga alalahanin tungkol sa kaligtasan ng mga bata at uunahin ang kaligtasan ng mga bata bilang bahagi ng pang-araw-araw na gawi. (2.2)
- Magtatakda ang mga lider ng malinaw na mga inaasahan tungkol sa kaligtasan ng bata at titiyaking ipinapatupad ng mga kawani at boluntir ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata. (2.3)
- Itataguyod ng mga lider ang kultura ng pagsusumbong. (2.2, 2.3)
- Ang mga kaayusan ng pangasiwaan ay nangangahulugan na regular na rerebyuhin ng mga nakatataas na lider ang paggampan ng organisasyon sa paghahatid ng kaligtasan at kagalingan ng bata. (2.3 at naka-link sa 10.1)
- Ang mga kaayusan ng pangasiwaan ay nangangahulugan na pinamamahalaan ng mga nakatataas na lider kung ang pagtasa at pamamahala ng panganib sa organisasyon ay wastong nakatuon sa pagtukoy, paghadlang at pagbawas ng mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata. (2.5 at naka-link sa 9.1, 9.3)
- Nauunawaan ng mga kawani at boluntir ang kanilang mga obligasyon sa pagbabahagi ng impormasyon at pag-iimbak ng tala. (2.6)
- Ipinababatid sa lahat ng mga kawani at boluntir ang Koda ng Pag-aasal at pananagutin sila ng mga lider sa pagsunod dito. (2.4)

---

[14] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

## Pamantayan 3: Ang mga bata at kabataan ay bibigyang-kapangyarihan tungkol sa kanilang mga karapatan, paglahok sa mga desisyong umaapekto sa kanila at sila ay tatratuhin nang seryoso

**Sa pagsunod sa Pamantayan 3 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

3.1 Ang mga bata at kabataan ay bibigyan ng kaalaman tungkol sa lahat ng kanilang mga karapatan, kabilang ang kaligtasan, impormasyon at paglahok.

3.2 Kikilalanin ang kahalagahan ng mga pakikipagkaibigan at hihikayatin ang suporta mula sa mga kagrupo, upang tulungan ang mga bata at kabataan na madamang sila ay ligtas at hindi masyadong nakabukod.

3.3 Kung nauugnay sa kapaligiran o sitwasyon, aalukin ang mga bata at kabataan ng access sa mga programang panghadlang sa pang-aabusong sekswal at sa kaugnay na impormasyon sa isang paraang angkop sa edad.

3.4 Ang mga kawani at boluntir ay marunong tumukoy sa mga palatandaan ng pinsala at padadaliin ang mga paraang angkop sa bata para makapagpahayag ang mga bata at kabataan ng kanilang mga opinyon, lumahok sa paggawa ng desisyon at magsabi ng kanilang mga alalahanin.

3.5 May umiiral na mga istratehiya ang mga organisasyon upang bumuo ng isang kultura na ginagawang madali ang paglahok at tumutugon sa mga komento ng mga bata at kabataan.

3.6 Nagbibigay ang mga organisasyon ng mga oportunidad para makalahok ang mga bata at kabataan at tumutugon sa kanilang mga pag-ambag, sa gayon ay pinapatatag ang kumpiyansa at pakikipag-ugnayan.

### Pangunahing mga Punto

- Ang mga bata ay mas malamang magsabi ng mga alalahanin o reklamo sa isang organisasyong nagbibigay-kapangyarihan at nakikinig sa kanila.
- Ang mga patakaran at gawi na binigyang-hugis ng mga opinyon ng mga bata ay maaaring mas mahusay na makahadlang sa pinsala sa mga bata.
- Ang pagbibigay-kapangyarihan ay nangangahulugan ng unti-unting pagpapaunlad ng mga bata at patatatagin ang kanilang kumpiyansa sa kanilang sarili at sa isang organisasyon. Kinapapalooban ito ng pagbibigay sa mga bata ng mga kasanayan at kaalaman upang makagawa ng may-kaalamang mga desisyon at magkakaroon sila ng lumaking pagkontrol sa kanilang buhay.[15]

[15] Komisyon para sa mga Bata at Kabataan, Empowerment and participation: a guide for organisations working with children and young people (Pagbibigay-kapangyarihan at paglahok: isang gabay para sa mga organisasyong nakikipagtulungan sa mga bata at kabataan), 2021.

- Katulad ng mga nasa hustong gulang, lahat ng mga bata ay may mga karapatan. Ang mga karapatan ay batayang mga karapatan ng bawat tao, anuman ang mga pagkakaiba-iba.
- Ang pagbibigay-kapangyarihan sa mga bata tungkol sa kanilang mga karapatan ay nangangahulugan na lahat ng mga tao sa isang organisasyon, kabilang ang mga lider, kawani at boluntir:
  - ay magkukumpirma at igagalang ang mga karapatan ng mga bata sa lahat ng oras
  - ay magiging aktibo sa pagtuturo sa kanila tungkol sa kanilang mga karapatan
  - ay susuporta sa kanila na gamitin ang kanilang mga karapatan.
- Ang mga bata ay may karapatang lumahok sa mga desisyon na aapekto sa kanila. Ang paglahok ay tungkol sa pagbibigay sa mga bata ng mga oportunidad upang magsabi ng kanilang opinyon at bigyang-kaalaman ang paggawa ng desisyon. Hinihingi nito na ang mga organisasyon ay makinig, pakinggan at gumawa ng angkop na mga pagbabago batay sa sinabi ng mga bata.
- Nakikinabang ang mga bata sa mga matatatag na pakikipagkaibigan. Maaaring makita nila ang kanilang mga kaibigan bilang pangunahing kuhanan ng suporta, impormasyon at payo, at pupuntahan sila para hingan ng tulong. Dapat pahintulutan ang mga bata na makipagkita at kawilihan ang oras na sila ay magkakasama at dapat suportahan ng inyong organisasyon ang kanilang ugnayang-sosyal at pakikipagkaibigan, at hamunin ang pag-aasal na nambu-bully o nagbubukod.
- Ang mga programa sa paghadlang ng pang-aabusong sekswal ay mga programa at edukasyong angkop sa edad na inihahatid sa mga bata. Ang mga programang ito ay nagpapaunlad sa kanilang kaalaman at mga kasanayan upang maunawaan ang hindi angkop na pag-aasal ng mga nasa hustong gulang o ibang mga bata, tumutulong na protektahan ang kanilang sarili laban sa potensyal na mga sitwasyong mapang-abuso, at natututuhan kung paano hihingi ng tulong sakaling may mangyaring pang-aabuso o tangkang pang-aabuso. Dapat ninyong pag-isipan kung angkop para sa inyong organisasyon na magbigay ng mga programang ito o iba pang impormasyon na tutulong sa mga bata na maunawaan ang pang-aabusong sekswal at kung paano hihingi ng tulong.
- Ang mga tao sa lahat ng antas sa inyong organisasyon ay may tungkuling gagampanan sa kaligtasan ng bata, pagbibigay-kapangyarihan at paggalang sa mga karapatan ng mga bata. Kailangang magkaroon ng kamalayan ang mga kawani at boluntir sa mga palatandaan ng pang-aabuso at pinsala sa bata at paano tutugon sa mga ito, at paano bibigyang-kapangyarihan at hihikayatin ang paglahok ng mga bata. Maaaring mangailangan ang mga kawani at boluntir ng suporta o pagsasanay upang gawin ito.
- Hindi laging sanay ang mga bata na tanungin sila tungkol sa kanilang mga karanasan o kung ano ang gusto nila. Kailangan ng inyong organisasyon na suportahan sila upang maging komportable sa pagsasabi ng gusto nilang sabihin at bigyan sila ng mga oportunidad upang gawin ito. Ang mga panlahok na mga

aktibidad ay dapat maging angkop sa edad, inklusibo at maa-access, iniakma sa mga pangangailangan at kakayahan ng indibidwal. Ang karagdagang impormasyon sa paggawa nito ay makukuha sa [Empowerment and participation: a guide for organisations working with children and young people.]

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[16]

### Mga Dokumento

- Ang mga dokumentong angkop sa edad at madaling maunawaan, naka-print man o nasa online, ay madaling maa-access at masusuportahan ang mga bata upang:
  - maunawaan ang kanilang mga karapatan, kabilang ang kaligtasan, impormasyon at paglahok
  - malaman kung paano dapat umasal ang mga nasa hustong gulang sa organisasyon
  - maunawaan ang proseso sa reklamo ng organisasyon at paano ang pagsasabi ng mga pangkaligtasang alalahanin para sa kanilang sarili, sa kanilang mga kaibigan o kagrupo
  - malaman ang mga suportang serbisyo para sa mga bata. (3.1)
- Ang mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon ay:
  - nagtataguyod sa pagbibigay-kapangyarihan sa mga bata at sa kanilang paglahok
  - nagsasama ng suporta para sa mga karapatan ng mga bata. (3.1, 3.4, 3.5, 3.6)

### Mga Aksyon

- Ang mga kawani at boluntir sa organisasyon ay nakikipag-ugnayan sa mga bata upang tulungan silang:
  - maunawaan ang kanilang mga karapatan, kabilang ang kaligtasan, impormasyon at paglahok
  - malaman kung paano dapat umasal ang mga nasa hustong gulang sa organisasyon

[16] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

  - maunawaan ang proseso sa reklamo ng organisasyon at paano ang pagsasabi ng mga pangkaligtasang alalahanin para sa kanilang sarili, sa kanilang mga kaibigan o kagrupo
  - malaman ang mga suportang serbisyo para sa mga bata. (3.1, 3.4)

- Matukoy ang mga gawi sa organisasyon na nag-aalis ng kapangyarihan sa mga bata at magsagawa ng aksyon upang baguhin ang mga ito. (3.5, 3.6)
- Bigyan ng impormasyon ang mga kawani at boluntir upang kanilang maunawaan, makilala at aksyunan ang mga palatandaan ng pang-aabuso o pinsala sa mga bata. (3.4)
- Kung nauugnay, nagbibigay ang organisasyon ng pag-access sa mga programa ng paghadlang sa pang-aabusong sekswal at iba pang kaugnay na impormasyon sa mga bata sa isang paraang angkop sa edad at maa-access. (3.3)
- Lilikha ang organisasyon ng mga oportunidad para magpahayag ng kanilang opinyon ang mga bata at lumahok sa mga desisyong aapekto sa kanila. Ano ang narinig at natutunan mula sa mga bata na nakaimpluwensya sa paggana ng organisasyon. (3.5, 3.6)
- Sinusuportahan ang mga kawani at boluntir upang paunlarin ang kaalaman at mga kasanayan upang tulungan ang mga bata na makilahok, magpahayag ng kanilang mga opinyon at magsabi ng kanilang mga alalahanin. (3.4)
- Sinusuportahan ng organisasyon ang mga bata na paunlarin ang mga ugnayang-sosyal at pakikipagkaibigan sa kanilang mga kagrupo, paunlarin ang mga kasanayan ng mga bata upang suportahan ang kanilang mga kagrupo at hamunin ang pag-aasal ng mga bata na nambu-bully o nagbubukod. (3.2)

# Pamantayan 4: Magkaroon ng kaalaman ang mga pamilya at komunidad at sumali sa pagtataguyod ng kaligtasan at kagalingan ng bata

**Sa pagsunod sa Pamantayan 4 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

4.1 Lumalahok ang mga pamilya sa mga desisyong umaapekto sa kanilang anak.

4.2 Nakikipag-ugnayan at tapatang nakikipagkomunikasyon sa mga pamilya at komunidad ang organisasyon tungkol sa pamamaraang ginagamit nito sa kaligtasan ng bata at ang kaugnay na impormasyon ay maa-access.

4.3 Ang mga pamilya at komunidad ay makakapagsabi ng kanilang opinyon sa pagbuo at pagrebyu ng mga patakaran at gawi ng organisasyon.

4.4 Binibigyang-kaalaman ang mga pamilya, tagapag-alaga at komunidad tungkol sa mga pagpapalakad at pangangasiwa ng organisasyon.

## Pangunahing mga Punto

- Ang mga pamilya ay maaaring binubuo ng malawak at iba't ibang mga relasyon, kabilang ang mga kaugnay sa dugo, kasal, pag-ampon, mga istraktura ng pamilya o iba pang karagdagan sa mga istraktura ng pamilya. Maaaring kabilangan ang pamilya ng mga taong kasalo sa mga pang-araw-araw na gawain ng buhay o kaugnay sa isang napakalapit na relasyong personal.
- Ang mga komunidad ay grupo ng mga taong may magkakatulad na mga kinawiwilihan, karanasan, lipunang pinagmulan, nasyonalidad, kultura, paniniwala o identidad.[17] Ang mga organisasyon, pamilya at mga bata ay maaaring may mga komunidad na may malapit silang ugnayan o madalas silang nakikipag-ugnayan. Katulad ng mga pamilya, ang mga komunidad ay magkakaiba.
- Ang mga magulang, tagapag-alaga at pamilya ay dapat madamang sila ay tinatanggap sa inyong organisasyon.[18] Pagbuo at pagpapanatili ng kulturang inklusibo, na iginagalang ang iba't ibang uri ng mga pamilya, sumusuporta sa mga bata na madamang sila ay ligtas at maging ligtas.
- Ang pagbibigay-kapangyarihan sa mga pamilya at komunidad upang gumanap ng bahagi sa paglalakbay sa kaligtasan at kagalingan ng bata sa inyong organisasyon ay kapaki-pakinabang sa mga bata. Nangangahulugan ito na:
  - matututunan ng mga magulang, tagapag-alaga at komunidad kung ano ang tumutulong na gawing ligtas para sa bata ang mga organisasyon at paano nila mapapanatiling ligtas ang mga bata

[17] Kahulugang kinuha mula sa Diksyunaryong Cambridge.

[18] Maaaring may oras na hindi angkop upang makipag-ugnayan sa ilang mga kapamilya, halimbawa, kung may mga paghihigpit sa kanilang kontak sa isang bata o, sa ilang mga sitwasyon, kung ang bata ay kasangkot sa Child Protection (Proteksyon ng Bata). Sa ganitong mga sitwasyon, ang pagtuon dapat ay tungkol sa pagsasangkot ng mas malawak na pamilya at komunidad o, kung angkop, itanong sa bata kung sino ang gusto niyang maging kasangkot.

  - mas mahusay na masusuportahan ng mga organisasyon ang indibidwal na mga bata nang may benepisyo ng mga pananaw mula sa mga pamilya, na pinakamabuting nakakakilala sa kanilang mga anak
  - madarama ng mga magulang, tagapag-alaga at komunidad na sila ay nabigyang-kapangyarihan at alam ang gagawin kung nag-aalala sila tungkol sa kaligtasan o kagalingan ng isang bata
  - patuloy na bubuti ang pamamaraan ng inyong organisasyon sa kaligtasan ng bata.
- Ang pagsasali ng mga pamilya sa mga desisyon ay nangangahulugan na sila ay hinihingan ng kanilang opinyon bago gumawa ng isang desisyon, at ang opinyong ito ay isinasaalang-alang bilang bahagi ng proseso sa paggawa ng desisyon. Dapat bigyan ng inyong organisasyon ng tsansa ang mga pamilya na magsabi ng kanilang opinyon tungkol sa mga desisyon na maaaring makaapekto sa kaligtasan at kagalingan ng kanilang anak.
- Dapat bigyang-kaalaman ang mga pamilya, tagapag-alaga at komunidad tungkol sa mga pagpapalakad at pangangasiwa ng inyong organisasyon upang sila ay makalahok nang makabuluhan. Kailangang maunawaan ng mga pamilya ang ginagawa ng inyong organisasyon at ang istraktura nito. Kailangan nilang malaman ang pagkontak sa tamang tao sa organisasyon kung mayroon silang alalahanin sa kaligtasan o kagalingan ng isang bata.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[19]

### Mga Dokumento

- Ang mga patakaran ng organisasyon ay sumasalamin sa kahalagahan ng pagsangkot ng pamilya at komunidad at naglalarawan ng mga paraan kung paano maaaring mangyari ang pagsangkot na ito. (4.3)
- Kabilang sa mga patakaran ng paghawak ng reklamo ang pananatiling may-kaalaman ang mga pamilya at magbigay ng patnubay kung paano gagawin ito habang sumusunod sa mga obligasyon tungkol sa pagiging kumpidensyal at pribado. (4.2 at naka-link sa 7.2)

[19] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

### Mga Aksyon

- Susuportahan ng organisasyon ang mga pamilya at komunidad upang magkaroon ng aktibong tungkulin sa pagtataguyod at pagpapanatili ng kaligtasan at kagalingan ng bata sa pamamagitan ng pagpapabatid ng kanilang tungkulin sa kaligtasan at kagalingan ng bata sa loob ng organisasyon. (4.4 at kabuuang kalalabasan)
- Bukas at malinaw ang organisasyon sa mga pamilya at komunidad sa pamamagitan ng:
  - pagbibigay ng madaling makuhang impormasyon tungkol sa mga patakaran at gawi ng organisasyon sa kaligtasan at kagalingan ng bata (4.2 at 4.4)
  - pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pangasiwaan at mga pagpapalakad ng organisasyon, kung paano hinahawakan ang mga reklamo at paano pinamamahalaan ng organisasyon ang mga aksyong pangdisiplina at mga panganib sa kaligtasan ng bata. (4.4)
- May oportunidad ang mga pamilya na makalahok sa mga desisyong ginagawa ng organisasyon na umaapekto sa kaligtasan at kagalingan ng kanilang anak. Susuportahan ng pakikipagkomunikasyon sa mga pamilya ang lubusang pagkakaiba-iba ng mga pamilya upang lumahok. (4.1)
- Lilikha ng mga oportunidad para sa mga pamilya at miyembro ng komunidad upang magbigay ng komento tungkol sa mga patakaran, pamamaraan at gawi ng organisasyon, kabilang ang pamamaraang ginagamit ng organisasyon sa kaligtasan at kagalingan ng bata. (4.3)
- Tatratuhin nang seryoso ng organisasyon ang komento at pagsangkot ng mga pamilya at komunidad at isasaalang-alang ang kanilang mga opinyon. (4.3 at naka-link sa 7.3)

## Pamantayan 5: Kukumpirmahin ang pagkakapantay-pantay at igagalang sa patakaran at gawi ang magkakaibang mga pangangailangan

**Sa pagsunod sa Pamantayan 5 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

5.1 Nauunawaan ng organisasyon, kabilang ang mga kawani at boluntir, ang magkakaibang mga sirkumstansya ng mga bata at kabataan, at nagbibigay ng suporta at tumutugon sa mga mahihina (vulnerable).

5.2 Ang mga bata at kabataan ay may access sa impormasyon, suporta at mga proseso sa pagrereklamo sa mga paraang ligtas para sa kultura, maaabot at madaling maunawaan.

5.3 Ang organisasyon ay magbibigay ng partikular na pansin sa mga pangangailangan ng mga bata at kabataang may kapansanan, mga bata at kabataang buhat sa magkakaibang kultura at wika, sa mga hindi makayanang tumira sa kanilang bahay, at mga bata at kabataang lesbian, gay, bisexual, transgender at intersex.

5.4 Ang organisasyon ay magbibigay ng partikular na pansin sa mga pangangailangan ng mga bata at kabataang Aborihinal at magbibigay/magtataguyod ng isang kapaligirang ligtas para sa kultura para sa kanila.

### Pangunahing mga Punto

- Ang mga bata ay may mga bukud-tanging kakayahan, katangian, kasanayan at karanasan sa buhay. Ang mga kaibahan sa pinagmulan, personalidad at mga paniniwala ay humuhugis kung paano nararanasan ng isang bata ang mundo at kung ano ang kailangan niya.
- Mas matatag ang mga organisasyon at komunidad kapag pinahahalagahan at iginagalang ang pagkakaiba-iba dahil maaaring maka-access ng mga oportunidad ang mga bata upang makamit ang kanilang potensyal.
- Ang mga negatibong karanasan katulad ng di-pagsasali at diskriminasyon ay maaaring makapinsala, palakihin ang panganib ng pinsala at pang-aabuso sa isang bata at mababawasan ang probabilidad na magsasabi ang bata kung siya ay may alalahanin.
- Ang pagkakapantay-pantay ay ang pagkakaroon ng katarungan kung saan lahat ng bata ay makakalahok nang malaya at patas sa lahat ng bahagi ng buhay, anuman ang kanilang pinagmulan, mga katangian o paniniwala. Sa mga organisasyong ligtas para sa bata, nangangahulugan ito na ang kaligtasan ng bata ay hindi nakasalalay sa kanyang mga sirkumstansya kabilang ang kanyang posisyon sa lipunan o kabuhayan, pinagmulang kultura o mga kakayahan.
- Kinikilala at iginagalang ng isang organisasyong ligtas para sa bata ang pagkakaiba-iba at nauunawaan na ang ilang mga bata ay mas mahihina laban sa pang-aabuso kaysa sa iba. Mayroon itong mga patakaran at gawi na titiyak na may access ang

mga bata sa mga relasyon, kasanayan, kaalaman at mapagkukunan na kailangan nila upang maging kasing-ligtas gaya ng kanilang mga kagrupo.

- Ang pagbibigay ng impormasyon, kabilang ang impormasyon sa makukuhang mga suporta at proseso ng pagrereklamo, na makukuha, ligtas para sa kultura at madaling maunawaan ay kinapapalooban ng pag-unawa kung paano nagkakaiba ang mga pangangailangang pangkomunikasyon ng mga bata batay sa kanilang indibidwal na kakayahan at yugto ng pag-unlad.
- Ang pag-access ng isang bata sa proseso ng pagrereklamo ng inyong organisasyon ay hindi dapat higpitan dahil sa kanyang pinagmulan, mga katangian o karanasan sa buhay. Mahalaga na lahat ng mga bata ay makakayang magreklamo o magsabi ng alalahanin.
- Kailangang maunawaan ng mga organisasyon ang magkakaibang mga sirkumstansya ng mga bata, pati na rin ang kanilang karapatan sa patas na pagtrato. Kabilang dito ang pagbibigay-pansin sa mga pangangailangan ng:
  - Mga batang may kapansanan – ang organisasyong ligtas para sa bata ay nagbibigay-kapangyarihan sa mga batang may kapansanan. Hindi ito gumagawa ng stereotype o ng mga pagpapalagay tungkol sa mga kakayahan ng isang bata, kundi kinikilala na iba-iba ang bawat bata at kakaiba ang pagdanas ng kapansanan at ng mundo.
  - Mga batang buhat sa magkakaiba-ibang kultura at wika – gumagawa ng mga hakbang ang isang organisasyong ligtas para sa bata upang maunawaan ang mga pangangailangang pang-wika at pangkultura at isinasaalang-alang ang magkakaibang mga istraktura ng pamilya at pamantayan.
  - Ang mga batang hindi makayanang manirahan sa kanilang bahay – maraming mga dahilan kung bakit ang mga bata ay hindi makapanirahan sa kanilang bahay. Ang mga kaayusan sa paninirahan ay maaaring iba-iba, kabilang ang pagtira nang pormal o hindi pormal sa mga kamag-anak o kaibigan (kinship care), foster care o residential care. Maaaring hindi ninyo alam ang mga kaayusan sa paninirahan ng isang bata, ngunit mahalagang gawing ligtas at mapagtanggap ang inyong organisasyon para sa lahat ng mga bata anuman ang kanilang mga sirkumstansya.
  - Mga bata at kabataang lesbian, gay, bisexual, transgender, intersex, queer, gender diverse at non-binary – ang mga bata at kabataan ay maaaring dumanas at magpahayag ng kanilang sex, sekswalidad at kasarian sa iba't ibang paraan. Para madama ng mga bata at kabataang LGBTIQ na sila ay ligtas at magiging ligtas sa inyong organisasyon, dapat kayong aktibong magpakita na sila ay tinatanggap at pinahahalagahan ninyo at gawing malinaw na magsasagawa kayo ng mga hakbang upang protektahan sila laban sa pang-aabuso at pinsala.
  - Mga batang Aborihinal – dapat kumpirmahin ng mga organisasyon ang karapatan ng mga bata na kasiyahan at madamang nakaugnay sila sa kanilang kultura at komunidad, maging ligtas laban sa pinsalang dulot ng rasismo, at maka-access sa mga serbisyo at organisasyong ligtas para sa kultura. Mayroong mas detalyadong impormasyon sa pagtatatag ng kapaligirang ligtas para sa kultura para sa mga batang Aborihinal sa A guide for creating a Child Safe Organisation.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[20]

### Mga Dokumento

- Mga materyales para sa mga bata, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga proseso sa pagrereklamo at suporta, ay maa-access, angkop para sa edad at makukuha sa isang hanay ng mga wika at format kung kailangan. Huwag aasa sa nakasulat na dokumento lamang, lalo na para sa mga batang bulag o may pinsala sa paningin, o mga batang hindi nakakabasa. (5.2)
- Inilalarawan ng Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata:
  - ang pangako ng organisasyon sa pagkakapantay-pantay at inklusyon (5.1)
  - kung paano kikilalanin at igagalang ng organisasyon ang mga magkakaibang pangangailangan ng lahat ng mga bata (5.1)
  - kung paano magbibigay ng daan ang organisasyon para sa mga bata o sa kanilang mga pamilya upang matukoy ang kanilang indibidwal na mga pangangailangan (5.1)
  - kung paano bibigyan ng organisasyon ang mga bata ng pag-access sa impormasyon, suporta at mga proseso ng pagrereklamo sa mga paraang ligtas para sa kultura, madaling makuha at madaling maunawaan (5.2)
  - kung paano susuportahan ng organisasyon ang pagkakapantay-pantay at gagawa ng makatwirang mga pagbabago upang suportahan ang paglahok ng lahat ng mga bata at tumugon sa lahat ng mga pangangailangan ng mga bata (5.1, 5.3, 5.4)
  - kung paano kukumpirmahin ng organisasyon ang pagkakapantay-pantay para sa lahat ng mga bata at hahadlangan ang pang-aabuso at pinsala sa bata na sanhi ng diskriminasyon batay sa kapansanan, lahi, etnisidad, relihiyon, kasarian, katayuang intersex, identidad ng kasarian o oryentasyong sekswal. (5.1, 5.3, 5.4)

### Mga Aksyon

- Magsasagawa ng mga hakbang ang organisasyon upang maunawaan ang mga magkakaibang sirkumstansya at pangangailangan ng mga batang nakikipag-ugnayan, o maaaring makipag-ugnayan dito. (5.1, 5.3)

[20] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

- Ang mga kawani at boluntir:
  - ay bibigyan ng impormasyon at patnubay sa mga magkakaibang sirkumstansya ng mga bata, paano ang pagtukoy sa mga salik na maaaring magpalaki sa kahinaan ng bata laban sa pinsala, at paano itataguyod ang pagkakapantay-pantay at kaligtasan para sa lahat ng mga bata
  - ay magsasagawa ng aksyon upang suportahan at tumugon sa mga batang dumaranas ng kahinaan, kabilang ang pagtatanong at pagtugon kapag may mga palatandaan ng lumaking kahinaan
  - ay magsasagawa ng aksyon upang kumpirmahin ang pagkakapantay-pantay para sa lahat ng mga bata, magtataguyod ng kaligtasan ng mga bata at hahadlangan ang pang-aabuso at pinsala sa bata. (5.1, 5.3, 5.4)
- Magtatakda ang mga lider ng malilinaw na aasahan tungkol sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay at paggalang para sa pagkakaiba-iba. (5.1 at naka-link sa 2.2)
- Titiyakin ng organisasyon na lahat ng mga bata ay makatwirang sinusuportahan upang makalahok. (5.1)

# Pamantayan 6: Ang mga taong nakikipagtulungan sa mga bata at kabataan ay angkop at sinusuportahan upang salaminin sa gawain ang mga pinahahalagahan sa kaligtasan at kagalingan ng bata

**Sa pagsunod sa Pamantayan 6 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

6.1 Ang pag-recruit, kabilang ang pag-aanunsyo, mga pagtatanong sa referee at pagsusuri bago magtrabaho ang kawani at boluntir, ay bibigyang-diin ang kaligtasan at kagalingan ng bata.

6.2 Ang kaugnay na mga kawani at boluntir ay may kasalukuyang mga working with children check o katumbas na mga background check.

6.3 Lahat ng mga kawani at boluntir ay tatanggap ng angkop na induction at may kamalayan ng kanilang mga responsibilidad sa mga bata at kabataan, kabilang ang pag-iimbak ng tala, pagbabahagi ng impormasyon at mga obligasyon sa pagsusumbong.

6.4 Ang patuloy na superbisyon at pamamahala ng mga tao ay nakatuon sa kaligtasan at kagalingan ng bata.

## Pangunahing mga Punto

- Ang mainam na mga gawi sa pagre-recruit at matatag na mga proseso sa pagsusuri ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa paghadlang ng pinsala sa mga bata.
- Nagsisimula ang pag-recruit sa pagiging malinaw ng mga organsiasyon tungkol sa tungkulin at mga responsibilidad ng bawat posisyon ng kawani at boluntir at ang uri ng kontak na magkakaroon sila sa mga bata. Tutulungan nito ang mga organisasyon na matukoy ang mga kwalipikasyon, karanasan at katangian na dapat mayroon ang mga aplikante.
- Ang mga anunsyo ng trabaho ay dapat malinaw na isaad ang pangako ng organisasyon sa kaligtasan at kagalingan ng bata.
- Ang Working with Children Check ay naglalayong hadlangan ang mga tao sa pagtatrabaho o pagboboluntir sa mga bata kung ang pagtasa ng kanilang mga rekord ay nagpapahiwatig na maaari silang lumikha ng hindi mapapatawad na panganib sa mga bata. Hinihingi ng batas na ang ilang mga tao ay magkaroon ng balidong check. Maaari ring magpasya ang mga organisasyon na hingin sa mga tao na magkaroon ng balidong check bilang bahagi ng kanilang proseso ng pagsusuri, kahit na hindi ito hinihingi ng batas.
- Ang Working with Children Check ay isang kapaki-pakinabang na tool para panatilihing ligtas ang mga bata sa inyong organisasyon. Gayunpaman, hindi nito matatasa ang kaangkupan ng isang tao upang makipagtulungan o mangalaga para sa mga bata sa isang partikular na tungkulin. Sikaping alamin ang mga pinahahalagahan ng isang aplikante upang matasa ang kanyang kaangkupan.

- Ang hindi wastong pagsusuri ng mga reference ay maaaring magkompromiso sa kaligtasan ng bata. Ang pagsusuri ng mga reference ay nagpapahintulot sa inyo na kumpirmahin ang impormasyon ng aplikante at siyasatin ang anumang mga alalahanin na maaaring mayroon kayo tungkol sa kanyang mga isinagot sa interbyu.
- Ang mga kawani at boluntir ay dapat angkop na italaga (induct) sa kanilang mga tungkulin at sa organisasyon, upang maunawaan ang kanilang mga responsibilidad sa mga bata at paano lilikha ng kapaligirang ligtas para sa kanila. Dapat itong kabilangan ng pagbibigay ng pangkalahatang pagtunghay (overview) sa Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata at Koda ng Pag-aasal ng inyong organisasyon.
- Dapat ding isali sa mga induction ang impormasyon tungkol sa patakaran sa paghawak ng reklamo, mga obligasyon sa pagsusumbong, pag-iimbak ng tala at pagbabahagi ng impormasyon ng inyong organisasyon. Ang mga kawani at boluntir ay dapat tumanggap ng malinaw na impormasyon kung ano ang gagawin kung mayroon silang alalahanin sa kaligtasan o kagalingan ng bata.
- Ang superbisyon ng mga kawani at boluntir ay nagtataguyod sa kaligtasan at kagalingan ng bata, na may malinaw na mga pamantayan sa paggampan at regular na pagmimiting ng mga manedyer at indibidwal na kawani at boluntir upang pag-usapan ang mga isyu at magsabi ng mga alalahanin. Ang regular na superbisyon ay nagagawang magbigay ng komento ang mga manedyer at talakayin ang anumang hindi ligtas o nakababahalang pag-aasal ng mga kawani at boluntir bago may maganap na pinsala sa mga bata.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[21]

### Mga Dokumento

- Isasali sa pag-aanunsyo ng trabaho ang pangako ng organisasyon sa kaligtasan at kagalingan ng bata. (6.1)
- Ang mga paglalarawan ng posisyon ay magsasaad ng malinaw na aasahan sa mga kahingian ng tungkulin, mga gawain at responsibilidad tungkol sa kaligtasan at kagalingan ng bata. (6.1)

[21] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

- Inilalarawan ng pag-recruit ng organisasyon, human resources at mga patakaran ng pagboluntir ang:
  - mga gawi sa pag-recruit na susuporta sa organisasyon na humirang ng mga tao na angkop makipagtulungan sa mga bata (6.1)
  - mga gawi sa pagsusuri bago magtrabaho kabilang ang pag-interbyu, pagtatanong sa mga referee, Working with Children Check at iba pang rehistrasyon o pagsusuri ng background (6.2)
  - mga kahingian para sa induction tungkol sa mga gawi ng organisasyon para sa kaligtasan ng bata (6.3)
  - kung paano susuportahan ng superbisyon at pamamahala ng mga tao ang patuloy na pagtasa ng kaangkupan ng isang tao upang makipagtulungan sa mga bata. (6.4)
- Kabilang sa mga dokumento para sa induction ng mga kawani at boluntir:
  - ang Koda ng Pag-aasal
  - ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata
  - ang impormasyon tungkol sa mga gawi para sa kaligtasan ng bata at proseso ng pagrereklamo ng organisasyon, pati na rin ang mga obligasyon sa pagsusumbong, pag-iimbak ng tala at pagbabahagi ng impormasyon. (6.3 at naka-link sa 8.1)

### Mga Aksyon

- Ang mga kahingian sa kaligtasan at kagalingan ng bata ng bawat tungkulin ay tatasahin bago mag-recruit ng bagong mga kawani at boluntir. Kabilang sa mga ito ang:
  - mga kailangang kwalipikasyon, karanasan at katangian
  - mga tungkulin at responsibilidad sa mga bata
  - mga hakbang na kailangan upang pamahalaan ang anumang mga panganib ng pang-aabuso o pinsala sa bata kabilang ang mga kahingian sa pagsusuri, pagsasanay at superbisyon. (6.1)
- Magbibigay ng impormasyon at patnubay sa mga kawaning nagre-recruit kung paano uunahin ang kaligtasan ng bata sa proseso ng pag-recruit, kabilang ang pagtukoy at pamamahala ng anumang mga alalahanin sa kaligtasan ng bata na nabanggit sa pamamagitan ng aplikasyon, interbyu at proseso ng pagsusuri. (6.1)
- Kabilang sa mga proseso ng pag-recruit ang:
  - isang hanay ng pang-interbyung mga tanong na batay sa pinahahalagahan upang malaman ang kaangkupan upang makipagtulungan sa mga bata
  - mga gawi sa pagsusuri bago magtrabaho kabilang ang mga pagtatanong sa referee, Working with Children Check at iba pang rehistrasyon o pagsusuri ng background
  - pagberepika na ang mga kailangang kwalipikasyon, rehistrasyon at Working with Children Check ay balido at up-to-date
  - pag-iimbak ng mga tala ng proseso ng pag-recruit. (6.1)

- Kabilang sa superbisyon at pamamahala ng mga tao ang regular na pagrebyu upang alamin kung ang mga kawani ay sumusunod sa Mga Koda ng Pag-aasal at iba pang mga patakaran ng kaligtasan ng bata. (6.4)
- Pagbibigay ng patnubay para sa mga manedyer sa mga isasagawang mga hakbang kapag namamahala ng mga kawani o boluntir na ang pag-aasal ay lumilikha ng mga alalahanin sa kaligtasan ng bata. (6.4)
- Ang mga kwalipikasyon, Working with Children Check at iba pang rehistrasyon o patuloy na pagsusuri ay regular na nirerebyu para sa mga pagbabago at kung balido pa rin ang mga ito. Magsasagawa ng aksyon upang pamahalaan ang mga panganib sa mga bata kapag hindi na balido ang mga kwalipikasyon, Working with Children Check o iba pang rehistrasyon o patuloy na pagsusuri ng isang tao. (6.2)
- Ang mga kawani at boluntir ay tatanggap ng induction na iniakma sa mga kahingian ng bawat tungkulin, mga gawain, panganib at responsibilidad kaugnay sa kaligtasan at kagalingan ng bata. Sasaklawan ng induction ang mga gawi sa kaligtasan ng bata at proseso sa pagrereklamo ng organisasyon pati na rin ang mga obligasyon sa pagsusumbong, pag-iimbak ng tala at pagbabahagi ng impormasyon. (6.3)

# Pamantayan 7: Nakatuon sa bata ang mga proseso para sa mga reklamo at alalahanin

**Sa pagsunod sa Pamantayan 7 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

7.1 Ang organisasyon ay may madaling makuha, nakatuon sa bata na patakaran sa paghawak ng reklamo na malinaw na nagbabalangkas ng mga tungkulin at responsibilidad ng pamunuan, mga kawani at boluntir, pamamaraang ginagamit sa pagharap sa iba't ibang mga uri ng reklamo, paglabag sa nauugnay na mga patakaran o sa Koda ng Pag-aasal at mga obligasyon upang kumilos at magsumbong.

7.2 Ang epektibong mga proseso ng paghawak sa reklamo ay nauunawaan ng mga bata at kabataan, pamilya, kawani at bolunti, at ligtas para sa kultura.

7.3 Tatratuhin nang seryoso ang mga reklamo at tutugunan nang mabilis at lubusan.

7.4 May umiiral na mga patakaran at pamamaraan ang organisasyon na tumatalakay sa pagsusumbong ng mga reklamo at alalahanin sa nauugnay na awtoridad, kung hinihingi o hindi hinihingi ng batas ang pagsusumbong, at makikipagtulungan sa mga nagpapatupad ng batas.

7.5 Natutugunan ang mga obligasyon sa pagsusumbong, pagkapribado at batas sa pagtatrabaho.

## Pangunahing mga Punto

- Ang proseso ng paghawak sa reklamo na nakatuon sa bata ay hinihingi na ang mga organisasyon ay magkaroon ng positibong kultura ng mga reklamo. Ibig sabihin, hihikayatin at tatanggapin ng inyong organisasyon ang pagsusumbong ng mga alalahanin, tutugon nang mabilis, lubusan at patas sa mga reklamo, at magsasagawa ng agarang aksyon upang protektahan ang mga batang nasa panganib.
- Ang patakaran sa paghawak ng reklamo ng inyong organisasyon ay dapat magbalangkas ng proseso para sa mga nasa hustong gulang pati na rin sa mga bata upang sila ay makapagreklamo o makapagsabi ng alalahanin tungkol sa kaligtasan ng bata. Maaaring maging magkaiba ang proseso sa pagrereklamo para sa mga nasa hustong gulang at sa mga bata.
- Dapat saklawan ng patakaran sa paghawak ng reklamo ang sinasabing pang-aabuso at pinsala sa mga bata ng mga nasa hustong gulang at ng iba pang mga bata.
- Dapat balangkasin ng patakaran sa paghawak ng reklamo ang iba't ibang uri ng reklamo o nakababahalang pag-aasal na dapat isumbong at magbigay ng malinaw na patnubay kung ano ang dapat isumbong, kabilang ang mga obligasyon sa sapilitang pagsusumbong. Kailangang maging malinaw kung kanino maaaring gawin ang pagsusumbong.

- Ang mga patakaran at proseso ng paghawak sa reklamo ng inyong organisasyon ay dapat madaling ma-access ng mga kawani at boluntir, mga bata at ng kanilang mga pamilya. Maaari kayong magpasyang bumuo ng nag-iisang patakaran o proseso na isinulat para sa mga bata, at madali nilang makukuha. Ito ay maaaring isang simpleng flowchart o paskil na nagbibigay ng malinaw na impormasyon para sa mga bata kung ano ang kanilang magagawa kung sila ay mayroong reklamo o alalahanin. Maaari din ninyong piliin na lumikha ng hiwalay na impormasyon para sa mga pamilya.
- Ang mga batang nagsasabi ng mga reklamo at alalahanin o nagsisiwalat ng pang-aabuso ay dapat tratuhin nang masensitibo at bigyan sila ng suporta. Ang patnubay ay dapat madaling makuha ng mga kawani at boluntir upang alam nila kung paano ito gagawin.
- Ang pagsasagawa ng aksyon upang unahin ang kaligtasan ng mga bata ay dapat gawing pokus ng organisasyon kapag may nagsabi ng isang reklamo o alalahanin tungkol sa kaligtasan. Mahalagang tasahin ang anumang kagyat na mga panganib upang magabayan ng mga ito ang susunod na mga hakbang na gagawin ng inyong organisasyon.
- Dapat talakayin ng inyong patakaran sa paghawak ng reklamo ang proseso para sa pag-uulat ng mga pagsisiwalat, reklamo at mga alalahanin tungkol sa kaligtasan sa loob ng inyong organisasyon, at sa mga panlabas na awtoridad.
- Dapat suportahan ng inyong patakaran sa paghawak ng reklamo ang inyong organisasyon upang magsagawa ng mga imbestigasyon ng mga reklamo at dapat kabilangan ng patuloy na pamamahala ng panganib, patas at malinaw na mga proseso at patnubay sa pamamahala ng mga salungatan ng interes.
- Dapat makipagtulungan ang inyong organisasyon sa Victoria Police, Child Protection, sa Komisyon at sa iba pang mga awtoridad na may tungkulin sa pagtugon sa mga reklamo at alalahanin upang unahin ang kaligtasan ng mga bata. Maaaring kailangan nilang mag-imbestiga at makikinabang sila sa suporta at tulong mula sa inyong organisasyon upang matukoy at makontak ang mga saksi at mangolekta o magpanatili ng ebidensya.
- Mahalagang bahagi sa paglutas ng isang reklamo o alalahanin tungkol sa kaligtasan ang pagkakaroon ng malinaw na kalalabasan. Ibig sabihin, kailangang magdesisyon ang inyong organisasyon kung ano ang gagawin matapos wastong isaalang-alang ang isyu at ebidensya, magsasabi sa nauugnay na mga tao tungkol sa desisyong ito at pagkatapos ay gagawa ng angkop na aksyon.
- Mahalaga ang pagiging kumpidensyal para sa mga proseso ng pagrereklamo. Maaaring may mga alalahanin ang mga tao tungkol sa pagiging kumpidensyal at pribado kapag gusto nilang magreklamo. Maaaring nais nilang manatiling walang pagkakakilanlan, o maaaring hindi nila nais magbahagi ng impormasyon sa mga awtoridad kagaya ng pulisya. Kung minsan ay hindi napapanatili ang pagiging kumpidensyal, para sa proteksyon ng mga bata o upang matrato nang patas ang

inirereklamo. Dapat ipaliwanag ng inyong patakaran sa paghawak sa reklamo kung paano dapat pamahalaan ang pagiging kumpidensyal kapag may nagreklamo.

- Ang personal na impormasyon na magpapakilala sa isang bata o isa pang indibidwal na kaugnay sa reklamo ay dapat lamang isiwalat ng organisasyon kung pinapayagan sa ilalim ng nauugnay na mga batas.
- Ang inyong patakaran at mga proseso sa paghawak ng reklamo ay dapat nakahanay sa alinmang mga obligasyon sa batas ng pagtatrabaho na nakalapat sa inyong mga kawani at boluntir. Dapat ninyong tiyakin na ang anumang pag-imbestiga sa pag-aasal ng isang empleyado ay makatarungan ayon sa pamamaraan.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[22]

### Mga Dokumento

- Ang patakaran ng paghawak sa reklamo ay madaling maunawaan, ligtas para sa kultura, madaling ma-access at nakatuon sa bata. Ang patakaran ng paghawak sa reklamo ay:
  - may kasaling impormasyon kung paano makakapagreklamo ang mga nasa hustong gulang at mga bata at paano tutugon dito ang organisasyon at mag-iimbestiga ng mga reklamo sa isang mabilis at lubusang paraan (7.1, 7.2, 7.3)
  - lilikha ng proseso ng pagrereklamo na maa-access ng kabuuang pagkakaiba-iba ng mga bata, kawani, boluntir, pamilya at komunidad (7.1)
  - sasaklaw sa sinasabing pang-aabuso at pinsala sa mga bata ng mga nasa hustong gulang at ng ibang mga bata (7.1, 7.4)
  - sasaklaw sa mga paglabag sa Koda ng Pag-aasal ng organisasyon (7.1)
  - magsasaad kung anong suporta at tulong ang ibibigay para sa mga magrereklamo (7.1)
  - magbabalangkas kung paano pamamahalaan ang mga panganib sa mga bata kapag may nagreklamo at may isinasagawang imbestigasyon (naka-link sa Pamantayan 9)
  - sasaklaw sa mga obligasyon ng pag-iimbak ng tala (7.2 at naka-link sa 2.6)
  - susuporta sa pagiging pribado at tutugunan ang mga obligasyon ng batas sa pagtatrabaho. (7.5)

---

[22] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

- Ang mga dokumento, naka-print o nasa online, ay maglalarawan ng proseso ng pagrereklamo para sa mga kawani, boluntir, bata, pamilya at komunidad. (7.1, 7.2)
- Kabilang sa mga patakaran at pamamaraan ang impormasyon kung kailan dapat isumbong ang mga reklamo sa mga awtoridad, kabilang ang Victoria Police, Child Protection at Komisyon para sa mga Bata at Kabataan. (7.5)
- Ang mga patakarang pangdisiplina ay susuporta sa organisasyon upang magsagawa ng aksyon kapag may nagreklamo. (7.1)

### Mga Aksyon

- Gagawa ang organisasyon ng impormasyon kung paano makukuha at maa-access ang reklamo ng lahat ng kasangkot sa organisasyon. (7.2, 7.4)
- Magbibigay ang organisasyon sa mga kawani at boluntir ng suporta at impormasyon kung paano magsusumbong, kabilang ang pagsusumbong sa mga awtoridad na nasa labas ng organisasyon. (7.1, 7.3, 7.4)
- Tatratuhin nang seryoso ang mga reklamo, nangangahulugan na ang organisasyon ay laging:
  - tutukuyin at pamamahalaan ang anumang mga panganib sa mga bata
  - tutugon nang mabilis at lubusan sa mga reklamo
  - uunahin ang kaligtasan ng mga bata at tutugon din sa mga obligasyon ng pagiging pribado at batas sa pagtatrabaho
  - susuporta sa lahat ng kasangkot sa proseso ng pagrereklamo
  - magsusumbong sa mga awtoridad ng mga reklamo tungkol sa sinasabing pang-aabuso at pinsala sa mga bata at mga alalahanin tungkol sa kaligtasan ng bata at makikipagtulungan sa mga nagpapatupad ng batas. (7.1, 7.3, 7.4, 7.5 at naka-link sa Pamantayan 9)
- Iimbakin ang mga tala ng mga reklamong ginawa sa organisasyon, kabilang ang mga alalahaning sinabi tungkol sa kaligtasan ng mga bata at mga pagsisiwalat tungkol sa sinasabing pang-aabuso o pinsala sa mga bata, at ang isinagawang mga aksyon upang tumugon. (7.3 at naka-link sa 2.6)
- Kukunsultahin ang mga bata, pamilya at komunidad kapag nagdidisenyo at nagrerebyu ng mga patakaran at pamamaraan ng paghawak ng reklamo. (7.2 at naka-link sa 4.3)
- Regular na rerebyuhin ng organisasyon ang mga patakaran at pamamaraan ng paghawak sa reklamo. (7.1 at naka-link sa 10.1)

# Pamantayan 8: Ang mga kawani at boluntir ay bibigyan ng kaalaman, kasanayan at kamalayan upang panatilihing ligtas ang mga bata at kabataan sa pamamagitan ng patuloy na edukasyon at pagsasanay

**Sa pagsunod sa Pamantayan 8 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

8.1 Sasanayin at susuportahan ang mga kawani at boluntir upang epektibong maipatupad ng organisasyon ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata.

8.2 Ang mga kawani at boluntir ay tatanggap ng pagsasanay at impormasyon upang matukoy ang mga nagpapahiwatig ng pinsala sa bata kabilang ang pinsalang sanhi ng ibang bata at kabataan.

8.3 Ang mga kawani at boluntir ay tatanggap ng pagsasanay at impormasyon upang epektibong makatugon sa mga isyu ng kaligtasan at kagalingan ng bata at susuportahan ang mga kasamahan na magsisiwalat ng pinsala.

8.4 Ang mga kawani at boluntir ay tatanggap ng pagsasanay at impormasyon sa pagbuo ng mga kapaligirang ligtas para sa kultura para sa mga bata at kabataan.

## Pangunahing mga Punto

- Kapag ang mga kawani at boluntir ng isang organisasyon ay may wastong impormasyon, sinanay at sinuportahan, mas malamang na kukumpirmahin nila ang mga pinahahalagahan sa kaligtasan ng bata at mas malamang magsumbong ng mga alalahanin sa kanilang manedyer o tauhan para sa kaligtasan ng bata.
- Hindi mapoprotektahan ang mga bata laban sa pang-aabuso o pinsala sa pagkakaroon lamang ng Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata. Kailangang bigyan ng organisasyon ang kanilang mga kawani at boluntir ng kaalaman at mga kasanayan upang panatilihing ligtas ang mga bata. Nangangahulugan ito ng pagbibigay ng patuloy na edukasyon at pagsasanay sa mga kawani at boluntir upang mailapat nila ito kapag nagsasagawa ng kanilang mga tungkulin.
- Ang isang organisasyong ligtas para sa bata ay sumusuporta sa mga kawani at boluntir nito upang matukoy ang mga palatandaan na ang bata ay maaaring dumaranas ng pang-aabuso o pinsala. Kung minsan ay maaaring magsabi ang bata sa isang tao kung siya ay pinipinsala, ngunit sa ibang oras naman ay kailangang magbantay ang mga kawani at boluntir para sa mga pagbabago sa pag-aasal, emosyon o pisikal na anyo.
- Ang organisasyong ligtas para sa bata ay nagbibigay din ng pagsasanay at impormasyon sa mga kawani at boluntir nito upang sila ay makatugon nang epektibo sa mga isyu ng kagalingan at kaligtasan, kabilang ang pagsuporta sa mga bata at pagtugon sa anumang mga pagsisiwalat na gagawin nila.
- Ang pagtanggap ng mga pagsisiwalat ng pinsala sa bata ay nakakabalisa at nakaka-stress. Ibig sabihin, makakatulong sa mga kawani at boluntir na malaman na maaari

silang kumuha ng patnubay at suporta mula sa kanilang mga kasamahan, at kung paano susuportahan ang kanilang mga kasamahan.

- Kailangan ng mga kawani at boluntir ng patnubay sa paggawa ng aktibong mga hakbang upang tiyakin na ang mga taong Aborihinal at mga taong mula sa magkakaibang kultura at wika ay madaramang iginagalang ang kanilang kultura at identidad, na hindi papahintulutan ang rasismo, na sila ay ligtas na makapagpapakita ng tunay nilang sarili.
- Ang pagsasanay at impormasyon para sa mga kawani at boluntir tungkol sa mga isyu ng kaligtasan ng bata, kabilang ang mga nagpapahiwatig ng pinsala, ay maaaring maging mapanghamon, lalo na sa mga nakaligtas sa pang-aabuso sa bata. Ang pamamaraang ibinatay sa troma ay kinapapalooban ng pag-unawa sa mga epekto ng troma at stress sa isang tao at ang pagiging sensitibo sa uri ng impormasyong ibinibigay at paano ito ibinibigay. Sinisikap nito na protektahan ang mga indibidwal laban sa karagdagang pinsala.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[23]

### Mga Dokumento

- Ang plano ng aksyon sa pagsasanay para sa mga kawani at boluntir ay kinabibilangan ng:
  - Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata (8.1)
  - pagtukoy ng mga nagpapahiwatig ng pang-aabuso at pinsala sa bata (8.2)
  - paano susuportahan ang isang taong nagsisiwalat tungkol sa pinsala sa bata (8.3)
  - paano tutugon sa mga isyu ng kaligtasan ng bata kabilang ang mga panloob at panlabas na mga kahingian ng pagsusumbong, pagbibigay-alam sa mga pamilya at tagapag-alaga at pamamahala ng mga panganib sa mga bata (8.3)
  - paano susuportahan ang kaligtasang pangkultura (8.4)
- Ang mga materyales ng patnubay (gaya ng mga patakaran, pamamaraan, patnubay, impormasyon at paskil) para sa mga kawani at boluntir ay nagbibigay ng patnubay tungkol sa:
  - pagtukoy ng mga nagpapahiwatig ng pang-aabuso at pinsala sa bata, kabilang kung sinanhi ng ibang bata (8.2)

---

[23] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

  - paano tutugon sa mga isyu ng kaligtasan ng bata kabilang ang mga panloob at panlabas na mga kahingian ng pagsusumbong, pagbibigay-alam sa mga pamilya at tagapag-alaga at pamamahala ng mga panganib sa mga bata (8.3)
  - paano susuportahan ang isang taong nagsisiwalat ng pinsala sa bata (8.3)
  - paano lilikha ng mga kapaligirang ligtas para sa kultura sa organisasyon. (8.4)
- Ang rehistro ng pagsasanay ay nagtatala ng pagkumpleto ng pagsasanay ng mga kawani at boluntir. (8.1, 8.2, 8.3, 8.4)

### Mga Aksyon

- Ipababatid ng mga lider sa mga kawani at boluntir na ang pagsasanay sa kaligtasan ng bata ay sapilitan. (8.1, 8.2, 8.3, 8.4)
- Magbibigay ng pagsasanay sa mga kawani at boluntir tungkol sa Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata sa induction at sa regular na mga pagitan. (8.1)
- Magbibigay ng pagsasanay sa mga kawani at boluntir na susuporta sa kanilang kakayahan upang:
  - tukuyin ang mga palatandaan ng pang-aabuso at pinsala sa bata (8.2)
  - tumugon sa mga isyu ng kaligtasan ng bata kabilang ang mga panloob at panlabas na mga kahingian ng pagsusumbong, pagbibigay-alam sa mga pamilya at tagapag-alaga at pamamahala ng mga panganib sa mga bata (8.3)
  - sumuporta sa isang taong nagsisiwalat ng pinsala sa bata (8.2, 8.3)
  - lumikha ng mga kapaligirang ligtas para sa kultura sa organisasyon. (8.4)
- Ang pagsasanay at patnubay tungkol sa kaligtasan ng bata ay:
  - angkop sa pakikipag-ugnayan ng organisasyon sa mga bata at sa mga pangangailangan ng mga bata sa organisasyon
  - ibinatay sa troma
  - iniaalok nang regular upang mapanatili ng kawani at boluntir na up-to-date ang kanilang mga kasanayan at kaalaman
  - regular na nirerebyu at ina-update upang manatiling epektibo. (8.1, 8.2, 8.3, 8.4)
- Ang superbisyon at pamamahala ng mga kawani at boluntir ay kinabibilangan ng pagtukoy sa mga pangangailangan sa pagsasanay tungkol sa kaligtasan ng bata. (8.1, 8.2, 8.3, 8.4)

# Pamantayan 9: Ang mga kapaligarang pisikal at online ay nagtataguyod ng kaligtasan at kagalingan habang binabawasan ang oportunidad para mapinsala ang mga bata at kabataan

**Sa pagsunod sa Pamantayan 9 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

9.1 Tutukuyin at babawasan ng mga kawani at boluntir ang mga panganib sa mga kapaligirang pisikal at online nang hindi makokompromiso ang karapatan ng bata sa pagkapribado, access sa impormasyon, ugnayang-sosyal at mga oportunidad sa pagkatuto.

9.2 Ang kapaligirang online ay ginagamit alinsunod sa Koda ng Pag-aasal ng organisasyon at sa Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata at mga gawi.

9.3 Isasaalang-alang ng mga plano sa pamamahala ng panganib ang mga panganib na nililikha ng mga pang-organisasyong kapaligiran, aktibidad at kapaligirang pisikal.

9.4 Ang mga organisasyong nangongontrata ng mga pasilidad at serbisyo mula sa ikatlong mga partido ay may mga patakaran sa pagkuha (procurement) na titiyak sa kaligtasan ng mga bata at kabataan.

## Pangunahing mga Punto

- Ang pagtukoy at pamamahala ng panganib sa mga organisasyon ay isang batayang hakbang sa pagpapanatiling ligtas laban sa pinsala ang mga bata. Sa paggamit ng isang pamamaraan sa pamamahala ng panganib, maaaring aktibong mabawasan ng isang organisasyon ang posibilidad na makaranas ng pinsala o pang-aabuso ang mga bata.
- Para sa layunin ng Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata, ang 'panganib' ay nangangahulugan ng tsansang mangyayari ang pinsala o pang-aabuso sa bata kaugnay sa isang organisasyon. Kabilang dito ang mga panganib sa bata mula sa organisasyon o sa mga taong kasangkot doon, mga panganib na nangyayari dahil sa mga aktibidad na isinasagawa ng organisasyon at ng mga nangyayaring panganib sa mga kapaligirang pisikal at online nito.
- Dapat suriin at unawain ng lahat ng mga organisasyon ang mga potensyal na panganib sa mga batang pinakikipag-ugnayan nila. Mahalagang pag-sipan ang mga panganib na nilikha ng pang-organisasyong istraktura at kultura, mga aktibidad at ang mga kapaligirang pisikal at online, pati na rin ang pagharap sa bagong mga panganib kapag nangyari ang mga ito.
- Kapag tumutukoy at namamahala ng panganib, mahalagang balansehin ang pangangailangang pamahalaan ang panganib ng pinsala at pang-aabuso laban sa mga pakinabang sa mga bata ng isang partikular na aktibidad o pamamaraan.
- Laging pabago-bago ang mga teknolohiya sa online, at ang mga bata kadalasan ay nauunahan ang mga magulang, tagapag-alaga at mga pang-organisasyong kawani

sa pagbagay sa mga pagbabagong to. Kailangang saklawin ng Koda ng Pag-aasal ng inyong organisasyon ang pag-aasal sa online, at kailangan ding talakayin ng mga patakaran ng kaligtasan at kagalingan ng bata at mga gawi ang kapaligirang online.

- Ang mga kaayusan o kontrata sa ikatlong mga partido ay maaari ring lumikha ng mga panganib sa kaligtasan ng bata. Maaaring magdala sila ng mga taong hindi kilala, o mga taong hindi sumailalim sa parehong antas ng pagsusuri sa kaligtasan ng bata, na magkakaroon ng kontak sa mga batang kasangkot sa organisasyon.
- Dapat isaalang-alang, tukuyin at pamahalaan ng mga organisasyon ang anumang mga panganib na malilikha ng ikatlong mga partido sa mga batang kasangkot sa organisasyon.
- May binuong mga template para sa pagtasa at pamamahala ng panganib upang tulungan ang mga organisasyon sa pagkumpleto ng kanilang plano sa mga pagtasa at pamamahala ng panganib sa kaligtasan.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[24]

### Mga Dokumento

- Tinutukoy ng isang pagtasa sa panganib ang mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata sa mga kapaligirang pisikal at online na nakaugnay sa organisasyon. (9.1, 9.3)
- Ang mga plano sa pamamahala ng panganib ay naglilista ng mga aksyon na gagawin ng organisasyon upang mahadlangan o mabawasan ang natukoy na pang-aabuso at pinsala sa bata. (9.3)
- Ang Koda ng Pag-aasal at Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ay tinutukoy kung paano pananatilihin ng organisasyon na ligtas ang mga bata sa mga kapaligirang pisikal at online, na may partikular na pagtukoy sa mga aktibidad na may mas mataas na panganib. (9.2, 9.3)
- Ang mga patakaran ng procurement tungkol sa pagkuha ng ikatlong partido ng mga kontratista ay nagtatakda ng mga proseso upang protektahan ang mga bata laban sa mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata, gaya ng kahingiang pagsunod sa Koda ng Pag-aasal at Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ng organisasyon. (9.4)

---

[24] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

### Mga Aksyon

- Ang mga plano sa pagtasa at pamamahala ng panganib ay pinagbabatayan ng, at tumutugon sa, mga opinyon at alalahanin ng mga kawani, boluntir at mga bata. Ipinapakita ng mga plano na nabalanse ng organisasyon ang pangangailangang mamahala ng pinsala at pang-aabuso laban sa mga karapatan ng mga bata sa pagkapribado, pag-access sa impormasyon, mga ugnayang-sosyal at mga oportunidad sa pagkatuto. (9.1, 9.3)
- Ang mga kawani at boluntir ay bibigyan ng mga plano sa pamamahala ng panganib upang magkaroon sila ng kamalayan ng mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata at malaman ang aksyong kailangan nilang gawin upang hadlangan at bawasan ang mga ito. (9.1)
- Ang mga kawani at boluntir sa organisasyon ay magsasagawa ng aksyon upang hadlangan at bawasan ang mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata kapag natukoy ang mga ito. (9.1)
- Regular na rerebyuhin ang mga plano sa pagtasa at pamamahala ng panganib upang panatilihing up-to-date and mga ito at kabibilangan ng mga aral na natutunan mula sa mga reklamo, alalahanin at insidenteng pangkaligtasan. (9.1, 9.2)
- Titiyakin ng pamunuan at mga kaayusan ng pangasiwaan ng organisasyon na ang pagtasa at pamamahala ng panganib ay nakatuon sa pagtukoy, paghadlang at pagbawas sa mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata. (naka-link sa 2.5)
- Kapag nakikipag-ayusan ng mga kontrata sa ikatlong mga partido, magsali ng mga kondisyon na magpapahintulot sa organisasyon na gumawa ng aksyon kung hindi matutugunan ng ikatlong aprtido ang inaasahang mga pamantayan sa kaligtasan at kagalingan ng bata. (9.4)
- Kapag kumukuha ng ikatlong partido na mga kontratista, tatasahin ng organisasyon kung ang pagkuha ng ikatlong partido na mga kontratista ay lilikha ng mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata, at kung gaano kalawak ang mga ito. (9.4)
- Depende sa antas ng panganib na lilikhain ng ikatlong partido na mga kontratista, dapat gumawa ng aksyon ang organisasyon upang hadlangan o bawasan ang mga panganib ng pang-aabuso o pinsala sa bata. Maaaring kabilang sa mga angkop na aksyon ang:
  - hingin ang pagsunod ng ikatlong partido na mga kontratista sa mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon
  - pagsubaybay sa pagsunod ng ikatlong partido na mga kontratista sa Mga Pamantayan ng Kaligtasan ng Bata at/o mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon
  - pakikipagtulungan sa ikatlong partido na mga kontratista upang matukoy, mahadlangan at mabawasan ang mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata

  - kapag ang organisasyon ay hindi sapat na mapapamahalaan ang mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata na lilikhain ng ikatlong partido na mga kontratista, pag-isipang wakasan ang kontrata o gumawa ng ibang angkop na aksyon upang protektahan ang mga bata. (9.4)

- Kung naaangkop, ang mga kawani, boluntir, magulang, tagapag-alaga at bata ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa kaligtasan sa online at sa mga panganib sa kapaligirang online, gaya ng online grooming, cyber bullying at sexting. Susuportahan ang pagsusumbong ng mga negatibong karanasan o alalahanin. (9.2)

# Pamantayan 10: Ang pagpapatupad ng Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata ay regular na rerebyuhin at pabubutihin

**Sa pagsunod sa Pamantayan 10 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

10.1 Regular na rerebyuhin, tatasahin at pabubutihin ng organisasyon ang mga gawi sa kaligtasan ng bata.

10.2 Susuriin ang mga reklamo, alalahanin at insidenteng pangkaligtasan upang matukoy ang mga sanhi at di-paggana ng sistema upang pagbatayan ng patuloy na pagpapabuti.

10.3 Mag-uulat ang organisasyon tungkol sa mga natuklasan ng kaugnay na mga rebyu sa mga kawani at boluntir, sa komunidad at mga pamilya, at sa mga bata at kabataan.

## Pangunahing mga Punto

- Hindi makakamit ang pagiging isang organisasyong ligtas para sa bata bilang isang minsanang ehersisyo bagkus ay mangangailangan ng patuloy na pagsisikap. Ang mga organisasyong ligtas para sa bata ay mayroong bukas at malinaw na kultura, natututo mula sa kanilang mga pagkakamali at inuuna ang kapakanan ng mga bata.
- Dapat tingnan ng mga regular na pagrebyu na sapat ang inyong mga patakaran, pamamaraan at gawi, up-to-date at epektibo, na ang mga ito ay lubos na ipinapatupad at sinusunod ng lahat.
- Mainam na gawi ang taunang pagrebyu upang ang mga patakaran at pamamaraan ay mapanatiling up-to-date at epektibo. Sa isang kapaligirang mabilis magbago, maaaring mangailangan ng mas madalas na pagrebyu.
- Ang pagtingin sa mga reklamo, alalahanin at insidenteng pangkaligtasan ay mahalaga sa pagrebyu, nagbibigay ng impormasyon sa kahusayan ng mga sistema at gawi ng inyong organisasyon tungkol sa kaligtasan ng bata, at maaaring tumukoy sa mga bahaging nangangailangan ng mga pagbabago upang hadlangan ang karagdagang pang-aabuso o pinsala.
- Dapat isasalang-alang ng inyong pagsusuri ng mga reklamo, alalahanin at insidenteng pangkaligtasan ang:
  - pangunahing mga sanhi o isyu ng bawat bagay
  - anumang mga indikasyon ng mga agwat o pagkabigo sa inyong mga patakaran, pamamaraan o gawi
  - mga pattern sa pag-aasal, gawi, insidente o muntikang pangyayari
  - anumang mga indikasyon na marahil ay hindi nauunawaan ng mga tao sa inyong organisasyon kung paano susundin ang inyong mga patakaran sa kaligtasan ng bata
  - mga kailangang baguhin upang talakayin ang mga natukoy na mga isyu.

- Kapag nag-uulat tungkol sa mga natuklasan ng pagrebyu, dapat ninyong pag-isipan kung paano ninyo:
  - ibabahagi ang mga natuklasan sa paraang napapanahon upang ang mga ito ay manatiling pangkasalukuyan at makabuluhan
  - ipababatid ang mga natuklasan sa mga paraang angkop sa edad at tiyaking ang mga ito ay madaling makuha at maunawaan
  - ibabahagi ang mga natutunan mula sa pagrebyu at magbalangkas ng anumang mga plano upang baguhin o i-update ang mga gawi o sistema para sa kaligtasan ng bata at kailan mangyayari ang mga pagbabago, at/o karagdagang mga pagrebyu
  - tatandaang protektahan ang pagkapribado ng mga tao at magpanatili ng kumpidensyalidad ayon sa hinihingi ng batas o kung nangako kayong gagawin ito
  - pag-iisipan kung paanong ang pampublikong pag-uulat tungkol sa isang pagrebyu ay maaaring makaapekto sa mga kasangkot na partido sa alinmang mga natukoy na insidente – at lalong pag-isipan ang pangangailangang balaan ang sinumang biktima-nakaligtas (victim-survivors) na ang ulat ay ilalathala.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[25]

### Mga Dokumento

- Lahat ng mga patakaran at pamamaraan ay may regular na panahon ng pagrebyu na ipinapakita sa dokumento. (10.1)
- Nagdodokumento ang mga ulat ng anumang mga pagrebyu at natuklasan tungkol sa kaligtasan at kagalingan ng bata. (10.3)

### Mga Aksyon

- Mag-iimbak ng mga tala ng mga reklamo, alalahanin, alegasyon at isinagawang aksyon sa pagtugon. (10.1, 10.2, 10.3)
- Susuriin ang mga reklamo, alalahanin, insidenteng pangkaligtasan o mahahalagang paglabag ng patakaran (gaya ng Koda ng Pag-aasal) upang maunawaan ang sanhi ng problema at kung may anumang mga kamalian sa mga patakaran, pamamaraan at gawi ng organisasyon na umambag sa problema. Kapag natukoy ang mga

[25] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

kamalian o pagkabigo, gagawa ng mga pagpapabuti upang mahadlangang maulit ang problema. (10.1, 10.2)

- Regular na rerebyuhin ng organisasyon ang mga patakaran, pamamaraan at gawi sa kaligtasan ng bata, na magsasaalang-alang ng:
  - pagsusuri ng mga reklamo, alalahanin, insidenteng pangkaligtasan at mahahalagang paglabag ng patakaran
  - hihingi ng komento mula sa mga kawani, boluntir, bata, pamilya at komunidad
  - kung lubos na naipatupad ng organisasyon ang bawat isa ng Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata. (10.1, 10.2 at naka-link sa Pamantayan 3 at 4.3)
- Ibabahagi sa mga kawani, boluntir, bata, pamilya at komunidad ang mga ulat tungkol sa mga natuklasan at isinagawang aksyon bilang tugon sa mga pagrebyu ng organisasyon sa mga gawi sa kaligtasan ng bata. (10.3)

# Pamantayan 11: Idodokumento ng mga patakaran at pamamaraan kung paanong ang organisasyon ay ligtas para sa mga bata at kabataan

**Sa pagsunod sa Pamantayan 11 ng Kaligtasan ng Bata, sa pinakamababa, ang organisasyon ay dapat tiyakin na:**

11.1 Tinatalakay ng mga patakaran at pamamaraan ang lahat ng Mga Pamantayan ng Kaligtasan ng Bata.

11.2 Ang mga patakaran at pamamaraan ay nakadokumento at madaling maunawaan.

11.3 Ang mga huwaran ng pinakamahusay na gawi at pakikipagkonsultasyon sa mga interesadong partido (stakeholders) ang pinagbabatayan sa pagbuo ng mga patakaran at pamamaraan.

11.4 Ipinagtatanggol ng mga lider ang huwaran ng pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan.

11.5 Nauunawaan at ipinapatupad ng mga kawani at boluntir ang mga patakaran at pamamaraan.

## Pangunahing mga Punto

- Ang pagdodokumento ng mga patakaran at pamamaraan upang ipatupad ang lahat ng Mga Pamantayan ay naghahatid ng mensahe sa lahat ng kasangkot sa organisasyon na mahalaga ang kaligtasan ng bata. Hindi sapat ang pagkakaroon sa isip ng mas ginustong mga gawi o maniwala na ang lahat sa organisasyon ay gumagawa na ng tamang bagay. Kailangang isulat at gawing opisyal sa patakaran ang mga tuntunin at inaasahan upang maibahagi at magamit ang mga ito upang maipaloob nang hindi-pabago-bago ang kaligtasan ng bata sa kabuuan ng inyong organisasyon.
- Gagabayan ng mga patakaran at pamamaraan ang mga tao sa inyong organisasyon sa pamamagitan ng paglalarawan kung paano itataguyod ng organisasyon ang kagalingan at hahadlangan at tutugon sa mga isyu ng kaligtasan ng bata. Ang 'mga patakaran' ay mga nakadokumentong tuntunin, inaasahan at mga posisyon ng organisasyon. Ang 'mga pamamaraan' ay mga nakadokumentong aksyon at proseso na nagpapalakad sa mga patakaran ng organisasyon.
- Maaaring maging masalimuot tugunan ang ilang mga isyu sa kaligtasan ng bata, subali't dapat ninyong layuning isulat ang mga patakaran ng inyong organisasyon nang simple, hangga't maaari. Dapat isulat ang mga patakaran na iniisip ang mga magbabasa nito, ingatang gumamit ng pananalita na makukuha ng lahat na kailangang makaunawa nito.
- Mahirap lumikha ng mga epektibong patakaran kung ang mga ito ay bubuuin nang hiwalay – dapat kunsultahin sa pagbuo ng mga ito ang mga taong magpapatupad ng mga ito at ang mga maaapektuhan ng mga ito. Dapat bigyan ng organisasyon

ng pagkakataong magsabi ng kanilang opinyon ang mga bata, pamilya at komunidad tungkol sa pagbuo ng mga patakaran at pamamaraan.

- Karamihan sa mga bagay tungkol sa kaligtasan ng bata ay hindi bukud-tangi at ang mga ito ay dati nang napag-isipan ng ibang mga organisasyon, pangunahing lupon, dalubhasa at akademiko. Ang pakikinabang sa mga pananaw na naibigay ng mga karanasan ng iba, at ng makukuhang pananaliksik at nakasulat na patnubay, ay makakatulong sa inyong organisasyon na lumikha ng pinakamagaling na mga resulta para sa mga bata.
- Ang pagtatanggol at paghuhuwaran ng pagsunod ay nangangahulugan na ang mga lider ay gumagawa ng pamamaraang aktibo at prangkahan tungkol sa kahalagahan ng kaligtasan at kagalingan ng bata. Ang mga lider ay 'inaaksyunan ang mga salita' (walk the talk) sa pagtrato nang seryoso sa mga bagay tungkol sa kaligtasan ng bata, tumutugon nang mabilis at lubusan, nagbibigay sa mga kawani at boluntir ng kailangang panahon at mga mapagkukunan upang maipaloob sa buong organisasyon ang mga gawi sa kaligtasan ng bata.
- Ang mga kawani at boluntir sa inyong organisasyon ay mahalagang bahagi ng paglikha ng isang organisasyong ligtas para sa bata at dapat bigyan ng kailangang impormasyon at suporta upang isagawa ang mga patakaran at pamamaraan.

## Mga indikasyon ng pagsunod (compliance indicators)

**Ano ang hahanapin ng Komisyon kapag tinatasa ang Pamantayang ito?**

Ang mga organisasyon kadalasan ay sumusunod kung makakapaglabas sila ng mga dokumentong ito at makapagsasagawa ng mga aksyong ito sa isang paraan na sumusuporta sa organisasyon upang makamit ang Pamantayang ito.[26]

### Mga Dokumento

- Ang Patakaran ng Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ay nagtatakda ng mga inaasahan, gawi at pamamaraan ng organisasyon kaugnay sa bawat isa ng Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata. (11.1, 11.2 at naka-link sa 2.3)
- Ang Koda ng Pag-aasal ay nagtatakda ng mga inaasahan para sa pag-aasal at mga responsibilidad ng mga kawani at boluntir. (11.1, 11.2 at naka-link sa 2.4)
- Ang mga plano sa pagtasa at pamamahala ng panganib ay tumatalakay sa mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata. (11.1, 11.2 at naka-link sa 9.1 at 9.3)
- Ang patakaran at mga proseso sa paghawak ng reklamo ay tumatalakay kung paano tutugon ang organisasyon at sa lahat ng panloob at panlabas na mga obligasyon ng pagsusumbong. (11.1, 11.2 at naka-link sa Pamantayan 7)

---

[26] Ang uri o mga katangian ng inyong organisasyon ay maaaring mangahulugan na kailangan ninyong gumawa ng kakaiba sa iminumungkahi sa gabay na ito. Kung gayon, maaaring kailangan ninyong ipaliwanag kung paano sumusunod ang inyong pamamaraan sa mga kalalabasan at minimum na kahingian ng Mga Pamantayan. Ang ilang sektor at organisasyon ay mayroong katuwang na regulator na nag-isyu ng partikular na patnubay. Kapag ang patnubay ng katuwang na regulator tungkol sa Mga Pamantayan ay nalalapat sa inyong organisasyon, at ito ay kakaiba sa gabay na ito, dapat sundin ng inyong organisasyon ang patnubay ng katuwang na regulator para sa inyong mga pamamalakad sa sektor na iyon.

- Ang pang-organisasyong pag-recruit, human resources at mga patakaran sa pagboluntir ay may malinaw na pagtuon sa kaligtasan ng bata. (11.1, 11.2 at naka-link sa Pamantayan 6)
- Kung ang inyong organisasyon ay mangongontrata ng mga pasilidad at/o mga serbisyo mula sa ikatlong mga partido, titiyakin ng mga patakaran sa procurement ang kaligtasan ng mga bata. (11.1, 11.2 at naka-link sa 9.4)

### Mga Aksyon

- Magsasagawa ng regular na konsultasyon tungkol sa kaligtasan ng bata sa lahat ng kasangkot sa inyong organisasyon. (11.3 at naka-link sa Pamantayan 3 at 4)
- Gagamit ang organisasyon ng komento mula sa mga konsultasyon at makukuhang impormasyon tungkol sa paglikha ng kaligtasan at kagalingan ng bata upang bumuo, magrebyu at mag-update ng mga patakaran at pamamaraan na kaugnay sa kaligtasan ng bata. (11.3)
- Sasaklawan ng mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon ang lahat ng Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata at tatalakayin ang mga panganib sa kaligtasan ng mga bata na partikular sa organisasyon at sa kapaligiran nito. (11.1)
- Ang mga patakaran at pamamaraan ay madaling maunawaan at madaling makukuha. (11.2)

Ang Komisyon ay buong paggalang na kinikilala at ipinagdiriwang ang mga Tradisyonal na May-ari ng lupain sa buong Victoria at nagbibigay-galang sa kanilang mga Elder (Pinuno), mga bata at kabataan sa nakaraan, kasalukuyan at hinaharap na mga henerasyon.

© Komisyon para sa mga Bata at Kabataan 2023

Karapatang-sipi ang gawaing ito. Maliban sa anumang paggamit na pinapahintulutan sa ilalim ng *Copyright Act 1968*, walang bahagi ang maaaring likhaing muli gamit ang anumang proseso nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa Komisyon para sa mga Bata at Kabataan, Level 18, 570 Bourke Street, Melbourne 3000.

**Komisyon para sa mga Bata at Kabataan**

Level 18, 570 Bourke Street
Melbourne, Victoria, 3000

DX210229

Telepono: 1300 78 29 78
Email: contact@ccyp.vic.gov.au
Web: ccyp.vic.gov.au

Hanapin kami sa:
Instagram
Facebook
Twitter